

PROPHETIC REVELATION

ANG PAGUNAWA NG BANAL NA KASULATAN

Kung ang
literal na
kahulugan ay
may katuturan,
huwag nang maghanap
pa ng iba pang kahulugan.

Siya na may pakinig ay makinig!

PROPHETIC*REVELATION

Website: <http://www.propheticrevelation.net>

Email Address: richardgan@propheticrevelation.net



This brochure cannot be sold or used in any way for the soliciting of funds.

Published by Richard L.S. Gan

Translated into Tagalog by Bonifacio B. Tamparong Jr.

For copies, kindly contact:


Bonifacio B. Tamparong Jr.

Mobile Number: 09099135080

Email Address: bonbon_virgo@yahoo.com.ph

Church Address: Blk-120, Lot 7, Malvar St., Brgy. Rizal, Makati City

INTERPETING
SCRIPTURE
ACCORDING TO
SCRIPTURE





...the Dove leads.

The Eagle screams...



PROPHETIC*REVELATION

Website: <http://www.propheticrevelation.net>

Email Address: richardgan@propheticrevelation.net

ANG PAGUNAWA NG BANAL NA KASULATAN

O ANG TAMANG PAGHAHATI-HATI NG SALITA NG KATOTOHANAN

Kung ang literal na kahulugan ay may katuturan, huwag nang maghanap pa ng iba pang kahulugan.

"Paano natin inuunawa ang Biblia?" ito ang katanungan na kadalasang itinatanong ng mga mag-aaral ng Biblia. Ito rin ang tanong na kadalasang sinasagot ng mga Guro ng Bibliya at mga Teyologo. Gayunpaman, ang iba't ibang mga sagot ba na ibinibigay kahit pa ng mga kilalang teyologo at mga guro ay talagang tama?

Sa tuwing magbabasa ng Kasulatan, ang nagbabasa, maging mananampalataya man ng Biblia o hindi, ay hindi nakakaiwas sa interpretasyon. At mayroong iba't ibang uri ng interpretasyon - ang mabuti, ang masama at ang radikal. Ngunit ano ang katotohanan?

Hindi ako naniniwala na ang isang tao ay maaaring matuto **"Kung papaano unawain ang Biblia"**, dahil alam nating ang Biblia ay ang Sinulat na Salita ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, samakatuwid, tanging ang Banal na Espiritu lamang ang maaaring makapagbigay ng totoong pagkaunawa. Ang Diyos ang nakauunawa ng Kaniyang Sariling Salita. Kung ang mga Kristiyano ay maaaring matuto **"Kung papaano unawain ang Biblia"** ang lahat ng mga Kristiyano ay magiging kanilang sariling mga taga-pagunawa (na tiyak na sasalungat sa 2 Pedro 1:20) at ang pagpapadala ng Diyos ng Kanyang mga ministro sa Kanyang Iglesia ay magiging walang kabuluhan. Isinulat ng Diyos ang Salita sa pamamagitan ng iilang apatnapung hinirang na tao. Ang Katotohanan ay isinulat "na ganoon" at walang sinuman ang may awtoridad na unawain ang Nakasulat na Salita. Sa parehong tanda, ang kapahayagan ng Nakasulat na Salita ay ipinahayag sa pamamagitan ng iilang mga tao, na nilagyan ng espesyal na pahid. Ang Diyos ay pinili ang Kanyang paraan upang isulat at ihayag ang mga misteryo ng Kanyang Salita. Hindi natin maaaring burahin ang katotohanang ito.

Ang tao ay maaaring matutunan ang tungkol sa mga doktrina ng Biblia, ngunit tiyak na hindi kayang matutunan ng isang tao kung papaano unawain ang Biblia. Kaya ang tanong ngayon ay: **"Paano natin makikilala ang pagkakaiba sa Katotohanan ng Diyos sa pananaw ng tao?"** O **"Paano natin mapapaghiwalay ang katotohanan ng Diyos sa kamalian ng tao?"** Upang maunawaan ang mga bagay ng Diyos kailangang makamtan muna natin ang bautismo ng Banal na Espiritu:

"Datapuwa't ang Mangaaliw, na siyang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, ay magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at dadalhin ko ang lahat ng mga bagay sa inyo ng anomang aking sinabi sa inyo." - Juan 14:26

"Gayon pa man nang dumating siya, ang Espiritu ng katotohanan, ay gagabayan ka niya sa lahat ng katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita tungkol sa kanyang sarili; datapuwa't anuman ang kaniyang maririnig, ay siyang magsasalita: at ipakikita niya sa inyo ang mga bagay na darating." - Juan 16:13

Ituturo ng Banal na Espiritu sa isang tunay na mananamba ang lahat ng bagay at siya ay gagabayan sa lahat ng katotohanan, at ipapakita sa kanya ang mga bagay na darating. Ngunit marami, na nagsasabing sila'y mga Kristiyano, ay hindi totoong mananamba ng Diyos sapagkat ang kanilang mga kaisipan ay hindi nakatakda sa espirituwal na mga bagay at pagiisip ng Diyos (cf. Roma 8:5; Mga Gawa 17:11). Ang kanilang "pananampalataya" ay kadalasang nakabatay sa nakakaakit na mga salita ng mga magagaling na mga manunuro at sa mga aral ng kanilang mga simbahan.

Ngayon, ang mensaheng ito ay hindi tungkol sa kung paano unawain ang Biblia kundi kung paano ang tamang paghati-hati ng Salita ng Katotohanan na laging pinapaalala ni Apostol Pablo. Anuman ang naririnig natin mula sa bibig ng mga mangangaral, kailangan natin ang kakayahang mangatwiran, pangatwiran at humusga nang may katalinuhan, at makita ang kaibahan ng katotohanan at kamalian sa pamamagitan ng pagsusuri sa Banal na Kasulatan. Ang mga mangangaral ay pwedeng magsalita ng mga salita nang katotohanan o kamalian, o di kaya'y kamangmangan. Hindi lahat ng mga mangangaral ay tinawag, itinalaga at ipinadala ng Diyos, kahit pa marami ang naturuan at sinanay ng mga relihiyosong organisasyon sa loob ng libu-libong mga denominasyong simbahan, at, siyempre, ang ilan sa mga ito ay sariling-hirang.

Pangkultong Ugali

Ang mensaheng ito ay bunga ng maraming taong "patay sinding" paghaharap sa isang makahulugang Kristiyanong kaibigan na si PO na aking sinaksihan at dinala sa Panginoon mga apatnapung taon na ang nakararaan (habang ako ay isang miyembro pa ng Assemblies of God). Ayon sa kanyang sariling mga salita, siya daw ay sumulat upang sabihin na "nakikipagtalo" siya sa akin sa nakaraang tatlumpu't limang taon. Ako'y sumasangayon na totoo ito, at kahit hanggang ngayon, siya ay mapusok na pumaparito na may matatalas na pananalita. Mayroon pa nga siyang ilang mga paunang kaisipan tungkol sa akin at sa aking ministeryo. Sa mga nakaraang taon,



siya ay nagtatanong ng mga parehong katanungan at palagi nalang, para sa kanya ang mga sagot at paliwanag ko ay hindi niya kayang unawain o mga kamalian lamang. Naaalala ko sa kanya si Nicodemo na pumunta upang humingi ng sagot kay Hesu Kristo. Saang bahagi ng **"maliban na ang isang tao ay ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos"** ang hindi nya maunawaan? Ito ba'y talagang mahirap intindihin na kailangan pa niyang magtanong ng maraming tanong? Marahil, ngunit anung uri ng mga katanungan ang mga sumunod nyang itinanung, maliban sa mga naghayag ng kanyang makamundong pag-iisip - **"Papaanong**

maaaring ipanganak ang isang tao gayong siya ay matanda na? Maaari ba siyang pumasok sa ikalawang pagkakataon sa sinapupunan ng kanyang ina at ipanganak?" Nang ipaliwanag pa ni Kristo ang tungkol sa espirituwal na kapanganakan, pinutol nito ang teolohiya ni Nicodemo mula sa kaibuturan na hindi nya na kayang maunawaan ang mga salita ni Hesus at marahil mga kamalian lamang ayon sa kanyang turo - **"Papaano kaya ang mga bagay na ito?"** Nakita ba ni Nicodemo ang Katotohanan?

Si PO ay katulad ni Nicodemo - relihiyoso at humahawak sa relihiyosong pananampalataya, at katulad din ni Haring Saul na piniling pakinggan ang tinig ng maling espiritu. Mga dalawang taon matapos naming maring ang mensahe ni William Branham at lumabas sa Pentecostalismo (sa labas ng organisadong relihiyon), si PO ay nakakilala ng isang Presbitaryang babae (na kalauna'y naging asawa nya). Kaagad niyang sinimulang kwestyunin ang mga maling grammatika, at kalauna'y ang mga magkakasalungat na pahayag ni Branham. Di-nagtagal, iniwan niya ang maliit na pagtitipon sa Simbahang Presbiteryan. Simula noon, sinimulan nyang lait-laitin ang ilan sa mga turo ni Branham at inisip na ang ilan sa mga aral nito ay mali. Pagkatapos nito ay sinimulan din niyang lait-laitin yung sa akin, kasama ng mga mapupusok niyang salita katulad ng: **"Ang iyong pagiging abala sa mga 'karneng' bagay ay nagdudulot sa iyo ng paulit-ulit na pagkalason sa kamalian"**.


Ano ang dahilan kung bakit kumikilos ang isang tao sa ganitong paraan, na iniisip niya na ang kanyang teyolohiya ay ganap nang tama, na dapat niyang hanapin ang sinomang hindi nakakakita ng **mata sa mata** sa kanya at mapagmataas na itutuwid ang kanilang mga doktrina at sisikaping ipilit ang kanyang mga pananaw sa kanila? Dapat sa mga taong ito ay isaalang-alang nila ang alay ni Cain, ang kanyang kapalaluan, ang kanyang "relihiyosong" pakikipag-usap kay Abel, at kung ano ang umakay sa kanya upang patayin si Abel.

Si PO ay labis na nakadikit sa denominasyonalismo at sa kanyang tradisyon. Siya ay naging isang Presbitaryan bagamang ipinahayag niya na siya ay hindi isa at hindi umaayon sa ilang mga aral ng simbahan. Ngunit

noong hindi pa katagalan ay bumalik siya sa A.o.G., hindi lamang sa sistema nito kundi sa pinaka simbahan mismo na aming nilisan noong 1971. Habang siya ay nasa sistema ng Presbiteryan, kumuha siya ng isang kurso na Bible Study. At iniisip ko kung iyon ba ang dahilan na naramdaman niyang siya ay kwalipikado na na mag-interpretar ng Biblia at husingan ang mga turo ko at ni Branham bilang mga turong makaimpyerno.

Mga Relihiyosong Kulito

Ang mga simbahan ngayon ay nasa isang estado ng pagkakagulo dahil sa mga pagkakaiba-iba ng higit sa tatlong libong mga denominasyon, mga dibisyon, mga sekta at mga grupo. Ang ilan, dahil sa kamangmangan, ay nagtuturo ng mga maling doktrina. Habang ang iba naman na alam nilang itinaturo ang ilang mga doktrina ng may kamalian ay natatakot na magbago, takot silang sisirain ng katotohanan ang kanilang simbahan o mga grupo. Ang iba ay hindi tapat at ginagamit ang Biblia para sa kanilang personal na kapakinabangan. Ang mga ganitong uri ay matatagpuan sa Karismatikong kilusan, lalo na ang mga mangangaral na nagsusulong ng "ebanghelyo ng kasaganahan" sa telebisyon. Tunay nga, ang mga maling doktrina ay talagang mapagkakakitaan.



Mula sa mga kaguluhang ito, ay lumabas ang iba't ibang mga aklat galing sa iba't ibang mga organisadong simbahan para magbabala sa mga Kristiyano tungkol sa mga bulaang propeta, mga bulaang guro, at mga maling kulito. Ang ilang mga denominasyon ay itinaturing na huwad o kulito ang ibang mga denominasyon. (Maiba ako, ang lahat ng mga denominasyon ay kulito: kulito ng Baptist, kulito ng Anglican, kulito ng Presbiteryan, kulito ng Charismatic, at iba pa - dahil tulad ng dalawang malalaking kulito, ang Pariseo at ang Sadduceo sa panahon ni Hesus, ibinase rin nila ang kanilang mga aral sa mga tradisyon at sistema ng kanilang relihiyon.) Ang ilan ay piniling walang papanigan at itinuring ang lahat bilang mga "Kristiyano" hangga't ang mga grupong ito ay itinataguyod ang Biblia bilang pinagmumulan ng kanilang pananampalataya at naniniwala na si Hesu Kristo ang Tagapagligtas. Gayunpaman, ang babala na inilalabas ng naturang mga libro ay karaniwang naka-tuon laban sa anumang grupo na hindi bahagi ng mga pangunahing organisasyon.

Minsan ay may isang matuwid-sa-sariling Presbiteryan, na nag-isip na siya ay isang tagasira ng mga kulito, sinubukan niya akong ilantad sa isang lokal na medya bilang isang lider ng kulito sa kadahilanang ako ay naniniwala na si William Branham ay isang mensahero ng Diyos at dahil siya ay napopoot sa mga turo ni Branham at dahil may nakapagsabi sa kanya na si Branham ay isang bulaang propeta. (Siyempre, sa maraming mga Kristiyano, si Branham ay isang huwad na propeta ayon sa kanilang "mga pastor" at "mga lider ng simbahan", at maging ayon sa mga dikta ng kanilang

mga relihiyosong organisasyon.) Gayunpaman, ang malapariseyong Presbiterian na ito ay hindi nagtagumpay. Pagkatapos nito ay tinangka niyang palabasing ako ay isang kriminal sa pamamagitan ng lihim na pagsumbong sa akin sa *Criminal Investigation Department* sa pag-asang ang mensahe ni William Branham at ang aking ministryo ay kahit papaano'y matigil. Ngunit sa huli'y walang kasalanang natagpuan. O talagang mapagmapuri ang malapareseyong Presbiteryan na iyon! Tiyak na hindi siya Kristiyano. Tulad ng ang mga relihiyosong Pariseo na pumaroon laban kay Hesu-Kristo, na Siyang Salita ng Diyos na ipinahayag sa kanilang mga araw, na pinatay pa nila; ay ganoon din ang gayong mga tao (at sila'y marami) ngayon na lumalaban sa mga hinirang ng Diyos at sa Kanyang Salita, upang sila ay maipakulong nila at upang sila ay mapatay nila, hanggat maaari. Ngayon, hindi ba maraming mga relihiyosong tao, kabilang na si Apostol Pablo (bago pa nabuksan ang kanyang espirituwal na mata) ang kumakapit sa isang relihiyosong ideya na ang mga tao ng "**Daan**" ay mga huwad na relihiyosong kulto? Kaya sa panahon ni Pablo, anong kulto ang huwad?

Hermeneutiko

May isang paksa, na karamihan, kung hindi man lahat, sa mga mag-aaral ng Bibliya ay napagalaran ito. Ito ang *Hermeneutiko*.

Ano ang hermeneutiko?

"Sa kanyang teknikal na kahulugan, ang hermeneutiko ay madalas na nangangahulugan bilang ang agham at sining ng pag-unawa sa Bibliya. Ang Hermeneutiko ay itinuturing na agham dahil mayroon itong mga alituntunin at ang mga alitutuning ito ay maaaring maituring sa isang maayos na sistema. "[Bernard Ramm, Protestant Biblical Interpretation]

"Ito ay tinuturing na isang sining dahil ang komunikasyon ay pabago-bago kaya ang makinarya at matibay na aplikasyon ng mga patakaran ay paminsan-minsang binabago ang tunay na kahulugan ng komunikasyon. Upang maging mahusay na tagaunawa ay dapat malaman ang mga tuntunin ng hermeneutiko pati na rin ang sining ng paglalapat ng mga patakarang iyon. "[Henry A. Virkler, "Hermeneutics"]

Kailan pa itinatag ng Makapangyarihang Diyos ang gayong kurso para sa mga Kristiyano - na matutunan nila kung paano maunawaan ang Biblia? Sa pangtaong katalinuhan, ang mga may pinag-aralang mga relihiyosong kalalakihan ay tinawag itong agham at/o isang sining. Inaakala nilang maaari nilang maunawaan ang Salita ng Diyos sa pamamagitan na kanilang ginawang paraan, o sa patakaran na kanilang ginawa at itinatag. Saan sa Salita ng Diyos ay naroon ang "*agham at sining ng pagunawa ng Bibliya*" kung ang



HERMENEUTICS

mababasa lamang natin ay kung papaano ang Diyos ay IPINADALA ang kanyang mga mensahero at ang kanyang mga mangangaral na Kanyang inordenahan at hinirang upang isalita ang Kanyang Salita para sa Kanya?

Totoo na ang isang tao ay maaaring "matutunan ang pagunawa" ng Biblia sa pamamagitan ng ilang intelektual na kaalaman na nakuha sa pamamagitan ng karanasan at pag-aaral - kaalaman sa mga wika (ng Hebreo, Aramaiko at Griyego) at kultura at kasaysayan. Para sa halimbawa: ito ay tulad ng isang tao na nag-aaral unawain ang musika sa pamamagitan ng kaalaman na nakuha mula sa pagbabasa, pakikinig at paglalaro. Ngunit kung hindi talaga siya ang taong mahilig sa musika, hindi siya ang taong binigyan ng partikular na "regalo" upang tunay na maunawaan ang musika katulad ng isang maestro. O ito ay katulad ng isang taong pilit na inuunawa ang Bautismo ng Espiritu Santo kahit wala siyang "kaloob" ng Espiritu; ang kanyang interpretasyon ay puno ng mga kamalian.


Tunay na "***ang mga kaloob at pagtawag ng Diyos ay walang pagbawi***" (Rom.11:29). Ang Diyos ang nagtawag, Siya din ang nagbibigay. Ang Diyos ang nagpapalapit sa isang tao at Siya din ang nagbibigay sa taong iyon ng Regalo ng Buhay na Walang Hanggan. Gayundin, ang Diyos ang tumawag at nagbibigay ng mga regalo "***sa mga tao... ang ilan, mga apostol; at ang ilan, mga propeta; at ang ilan, mga ebanghelista; at ang ilan, mga pastor at guro...***" (cf. Eph.4:7-11). Kaya maliban na ang isang tao ay itinawag, itinalaga at hinirang ng Diyos sa isang regalong ministryo, ang kanyang teyolohiya ay may depekto ng kanyang sariling opinyon o ng isang relihiyosong organisasyon o isang kultong sistema.

Pagaaral, Pagunawa at Tamang Paghahati-Hati

Ang pag-aaral ng Biblia ay maaaring may iba't ibang kahulugan sa iba't-ibang tao. Ang isang tao ay maaaring pag-aralan ang tungkol sa pagkatawag kay Abraham, ang kasaysayan ng Israel, ang kanilang paggiging alipin sa Ehipto at ang kanilang paglabas, ang marami nilang rebelyon, at iba pa. Ang isa din ay maaaring pag-aralan ang tungkol sa mga character ng mga kalalakihan at kababaihan ng Diyos sa Biblia. Ang isa pa ay maaaring pag-aralan ang tungkol sa Buhay ni Kristo at ang mga gawa ng Banal na Espiritu sa unang Iglesia. Ang lahat ng klaseng mga pag-aaral na ito ng Biblia

ay hindi ang tamang pagunawa o tamang paghahati-hati sa Salita ng Diyos. Sinisikap lamang nilang maunawaan ang iba't ibang paksa.

Ang Banal na Kasulatan ay nandiyan hindi para unawain ng mga "literal na mga titik" ng Salita kundi ng "*espíritu ng mga titik*" ng Salita. Maaari nating gamitin ang ilang bersekulo ng Bibliya para sa maraming mga kagamitan, ngunit ang mga salitang isinulat ay nagdadala lamang ng isang kahulugan o isang interpretasyon gaya nga ng sinasabi. Ang pagunawa sa Kasulatan ay lampas pa sa pag-aaral ng Biblia; ito ay tumutukoy sa pagpapalaganap ng liwanag sa mga talata ng Biblia na nagtataglay ng mga itinalagang Katotohanan ng Diyos tungkol sa Kanyang Sarili, sa Kanyang mga plano at mga layunin. Ang totoong interpretasyon ng Banal na Kasulatan ay dumating sa pamamagitan ng wastong paghahati-hati sa Salita, na magpapaliwanag naman ng mga Katotohanang nakatago o nakalagay sa mga talata ng Biblia. Ang ilan sa mga katotohanang ito ay may kaugnayan sa mga alituntunin ng Diyos, samantalang ang ilan ay may kaugnayan sa mga pangyayaring nakapropesiya. Gayunpaman, habang ang ilang mga katotohanan ay madaling mauunawaan, mayroong ilang mga nakatagong misteryo ng Diyos na maaari lamang mahayag sa itinakdang panahon ng Diyos. Sa kabuuan, ang tunay na kaunawaan sa Salita ay magpapakita ng pagkakapareho mula sa Aklat ng Genesis hanggang sa Aklat ng Apocalipsis. Ang wastong paghahati-hati ng Salita ay "*aayon*" sa sukat ng Katotohanan, alinsunod sa pamantayan. Hindi ito magresulta sa hindi pagkakasundo at walang dalawang kaunawaan ng iisang doktrina, tulad ng mga kamaliang ginawa sa Panginoon ng mga tradisyunal na simbahan - na **ang Diyos daw ay iisa at Siya rin naman daw ay isa ring Banal na Trinidad ng mga Katauhan**. Ang gayong pagkakasalungat at pagkalito ay hindi gawa ng Diyos kundi ng mga karnal na tao. Ang tamang paghahati-hati sa Salita ng Diyos ay hindi maglalagay ng dibisyon sa kapahayagan ni Pablo kung anu ang pananampalatayang bukod sa mga gawa (Rom.3:28) at sa kapahayagan naman ni Santiago ng pananampalatayang may gawa (Jam.2:14).



Noong panahon ng Repormasyon, ang mga debate at mga argumento tungkol sa kung ano ba talaga ang tunay na unawa sa maraming mga talata ng Banal ng Kasulatan ay lubhang magkakaiba sa iba't-ibang grupo. Bilang walang pakialam sa isa't isa, ang bawat grupo ay lihim na naniniwala na ang ibinibigay ng iba ay pawang mga interpretasyon lamang, ngunit ang sa kanila ay ang talagang sinabi ng Biblia, na walang iba kundi ang katotohanan. Ngunit siyempre, palaging mayroong malumanan sa paalaala sa atin tungkol sa mga salita ng Banal na Espiritu sa 2 Pedro 1:20, "*Una nating nalaman, na walang propesiya ng kasulatan ay sa anumang pribadong interpretasyon*" at madalas na may idinagdag na paalala na "*hayaang interpretahin ng Kasulatan ang Kasulatan*". Ngunit sa panahong ito ng Laodicea (cf. Rev.3:14-22) ang awtoridad ng Biblia ay tuluyan nang nawala,

kahit pa sa mga mata ng mga Kristiyano. Ang awtoridad ng Banal na Kasulatan ay pinalitan ng hindi lamang ng mga dogma at mga kredo ng sistema ng iglesia, kundi pati na rin ng mga salita ng mga "dakilang" edukadong teyologong intelektuwal at ng kanilang mga "dakilang" teolohikal na mga institusyon sa panahong ito.

Pagbasa, Pakikinig at Pagunawa

Ang karamihan sa mga teologo ay nagtuturo na ang Diyos ay isinulat ang Biblia nang may kasimplehan na ang lahat ng mga nagbabasa nito ay maunawaan nang tama ang kanilang binabasa. Totoo ba yan? Ang madalas nilang ginagamit na talata ay ito: ***"Kung gayon ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig, at sa pakikinig sa pamamagitan ng salita ng Diyos"*** (Rom.10:17).

Ang pagbasa ng Salita at ang pakikinig ng Salita ay dalawang magkaibang bagay. Hayaan nyong sabihin ko ito na ang pangunahing paraan ng Diyos sa paghahatid ng Kanyang kapahayagan sa Kanyang mga tao ay sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita. ANG PANANAMPALATAYA ay dumarating sa pamamagitan ng pakikinig ng Salita ng Diyos – na naipaliwanag! Kung ang pananampalataya ay dumarating sa pamamagitan ng pagbabasa ng Salita, kung gayon ang ***"mga tinig ng mga propeta na nababasa tuwing araw ng sabbath"*** sa Jerusalem ay dapat na nagbukas ng mga mata ng mga relihiyosong Hudyo kay Hesu-Cristo na kanilang Mesias (cf. Gawa 13:27). Pero hindi. Isa pa, kung ang pananampalataya ay dumarating sa pamamagitan ng pagbasa ng Salita, kung gayon ay hindi na kinakailangan ng Diyos na ipadala ang Kanyang mga tagapaglingkod. Tingnan sa Roma 10:13-16.

Na ***"ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig ng Salita"*** ay malinaw na nauunawa mula sa rekord ng Mga Gawa 8:25-40. Ang Etopyanong bating ay hindi maintindihan kung ano ang kanyang nabasa sa Isaias hanggang sa ipinadala sa kanya ng Diyos ang isang mangangaral, ang Ebanghelistang si Felipe, upang ipaliwanag sa kanya ang mapropesiyang Salita. Ang bating ay isang mahalagang tao, isang punong opisyal na may mataas na katungkulan na naglilingkod sa reyna ng Ethiopia. Siya ay isang banal na tao at siguro ay naging isang masugid na mambabasa na marahil, ay nabasa niya at pinag-aralan ang mga salita ni Isaias nang matagal na panahon. Maaaring naunawaan niya ang ilan sa mga bagay na isinulat ng propeta, ngunit tiyak na hindi ang malalalim at mahihiwagang mga bagay, sapagkat ang espirituwal na mga bagay ng Diyos ay espirituwal ding naiintindihan. Ang katalinuhan ng laman ay masama at kahit gaano pa kasigasig na pag-aaral ang gagawin sa Salita ng Diyos, gaano man karami ang impormasyon na makikita sa sagradong sulat ni Isaias, ang katotohanan ay hindi pa rin mahahayag. Ngunit kung ang pagpapahid ng Espiritu ay darating at hihipuin ang mga tainga, mabubuksan nito ang mga mata at ang bibig ay makapagsasabing, ***"Narinig ko at nauunawaan ko na ngayon. Noon kahit binabasa ko ito ay hindi ko naiintindihan."*** Tulad ng mga Hudyo sa Berea na nakarinig ng mga Kasulatan na binabasa sa bawat

Sabbath sa kanilang sinagoga ngunit wala silang pagkaunawa hanggang sa marinig nila ang pagpapahayag ni Pablo ng Salita. Ang mga matatalino ay isinasangguni araw-araw sa Kasulatan ang mga turo ni Pablo kung ang mga ito ba ay totoo (Mga Gawa 17:10-11).

Bukod pa rito, sinasabi sa atin ni Lukas na ang pagbasa at pag-unawa sa Kasulatan ay hindi magkaparehong bagay (tingnan ang Mga Gawa 13:27; Lucas 6:3; 10:26) na tulad din na ang pagbasa at pakikinig ay hindi magkapareho. Ang tamang pag-unawa sa Salita ng Diyos ay isang regalo (Mga Gawa 8:10; 10:22). Sa Kanyang awa, hindi lamang Niya ibinigay ang nakasulat na Salita kundi pati na rin ang "tagapagpaunawa" isang ministro na puno ng Espiritu na hinirang para sa tungkuling wastong mahati-hati ang Salita ng Katotohanan. Maliwanag, siya ay hindi isang taong seminarista na sinanay at/o inordenahan ng isang relihiyosong organisasyon ngunit isang taong inordenahan ng Diyos bago pa man itinatag ang mundo.

Mula sa Iyo o Para sa Iyo

"Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti." - 2 Tim. 3:16-17

Ang mga bersikulong ito ng Banal na Kasulatan ay ginagamit upang ipakita na ang Biblia ay maaaring unawain ng isang pala-aral na Kristiyano. Samantalang ang mga bersikulong ito ay nagsasaad lamang na ang lahat ng Kasulatan ay hininga ng Diyos, at kapaki-pakinabang na gamitin sa pagtuturo, pagsaway, pagwawasto at pagsasanay sa katuwiran. Ang Kasulatan ay isang banal na kapahayagan ng Diyos na kung saan pwede tayong dumipende bilang hindi nagkakamaling katotohanan at ang magdadala sa atin sa lahat ng mabubuting gawa. Hindi nito sinasabi na ang isang Kristiyano ay maaaring matutong maging tagaunawa ng Kasulatan. Gayunpaman, pansinin mo ang salitang "**ang tao ng Diyos**". "**Ang tao ng Diyos**" ay nagsasalita hindi lamang bilang isang Kristiyano kundi bilang isang taong tinawag na tagapaglingkod ng Diyos, isang taong tapat sa Diyos at sa Kanyang Simbahan. Ang mga salitang iyon ay mula kay Pablo para kay Timoteo, ang kanyang tagasunod na tinawag ng Diyos sa larangang ebanghelikal (cf. 1Tim. 4:14; 2Tim.4:5). Iyon ay ang payo ni Pablo kay Timoteo. Si Timoteo ay isang mag-aaral ng isang mahusay na apostol na natutung balutan ang kanyang sarili ng Kasulatan.

Na ang Salita (Grk: Logos, Nahayag na Katotohanan) ng Diyos ay hindi galing sa Iglesia ay isang katotohanan. Tinanggap ng Iglesia ang Salita galing sa kanyang Panginoon at Tagapagligtas. Ito ay malinaw sa mga salita ni Pablo sa 1 Corinto 14:34-36:

"Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesia: sapagka't sila'y walang kapahintulutang mangagsalita; kundi sila'y pasakop, gaya naman ng sinasabi ng kautusan. At kung ibig nilang maalaman ang anomang bagay, magtanong sila sa kanilang asawa sa bahay; sapagka't mahalay na ang isang babae ay magsalita sa iglesia. Ano? lumabas бага mula sa inyo ang salita ng Dios? o sa inyo lamang dumating."

Pero bakit ang organisadong mga simbahan ay nagpapatayo ng mga *Bible Colleges* at mga *Theological Seminary*? Naniniwala ba sila na ang pagkalito sa pag-unawa sa salita ng Diyos ay ang resulta ng walang pinag-aralan at di-bihasang mga tao na nagdadala ng Salita ng Diyos at samakatuwid bagay dapat na nilang ituro sa mga tao (at maging sa mga babae) na nagnanais na maging "mga tao ng Diyos" para sila, ay maaari ding magturo sa iba? Sa palagay ba nila na ang kanilang mga estudyante, pagkaranas ng ilang serye ng mga pag-aaral at nagtapos, ay maaari ng ordinahan at ipadala bilang mga mangangaral upang magturo ng Salita ng Diyos? Hindi ba nila nabasa sa Mga Taga Efeso 4 na nang umakyat si Kristo sa Langit ay nagbigay Siya ng mga kaloob sa mga tao? Binigyan niya ang ilang mga lalaki para maging mga apostol, ang ilan ay mga propeta, ang ilan ebangelista, ang ilan pastor at ang ilan guro. Sa kanilang mga sarili, ang mga ito ay mga kaloob na



ipinadala ni Kristo sa Iglesia upang ibigay sa atin ang Salita. Ang mga kaloob na ito ay **hindi** mga produkto ng Iglesia. **Ang Salita ng Diyos ay dumarating sa Iglesia at hindi lumabas mula sa Iglesia.** Si Pablo, sa ibang lugar, sa pamamagitan ng awtoridad ng Diyos, ay nagbabawal sa isang babae na magturo o magkaroon ng kapangyarihan sa isang tao (1 Tim. 2:12). Ngunit ang organisadong mga iglesya (na may ilan na nagpapahintulot sa mga kababaihang mangangaral) ay tulad nito, sa halip na makinig sa Salita na dadalhin ng Panginoon sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang

sariling paraan, inagaw nila ang awtoridad ng Panginoon at nagtalaga ng kanilang sariling mga sinanay na mga teyologong mangangaral upang pakainin sila. Ang kanilang ginagawa ay panghuhuwad at pangangaribal sa parehong orakulo ng Diyos at ng kanyang mga ordenansa.

Ang Iglesia at mga Organisadong Iglesia

Ang Salita ay dumating sa **Iglesia** (Grk: Ekklesia, ang mga tinawag, ang mga pinalabas) sa pamamagitan ng ministeryo ng "*Mga Kaloob na Binigay sa Pagakyat*" (Ascension Gifts) sa Efeso 4:11-16. **Ang Iglesia ay hindi makakagawa at hindi gumagawa ng mga kaloob, at ibigay ito sa kanyang sarili.** Si Kristo ang Nobyo at ang Iglesia ay ang Nobya. Ang Salita (Binhi) ay

dapat pumunta sa Iglesia tulad ng isang tamud ng isang tao ay dapat dumating at matugunan ang itlog sa sinapupunan ng kanyang asawa. Kapag ang asawa ay nagdadalang-tao, ang kanyang dibdib ay puno ng gatas ng buhay. at gayon din ang Iglesia kapag tinanggap niya ang Salita. Siya ay puno ng Gatas ng Buhay ni Kristo.

Ang organisadong mga simbahan ay may sariling mga **programa** na mahusay na inorganisa para sa saraling layunin ng kanilang mga organisasyon. Pagkatapos ng ilang beses na pagpapatupad nito, ang isang programa ay magiging bahagi na ng regular na **kurikulum** o **agenda** ng kanilang simbahan. At muli, pagkatapos ng ilang beses na regular pagsasagawa, ito ay nagiging isang **ritwal** at isang **tradisyon**. Tiningnan ba nila ang kanilang mga sarili para makita nila kung gaano sila katulad sa mga Pariseo noong mga araw ni Hesu-Kristo? Kinakailangang suwatin ni Kristo ang mga Pariseo (cf. Mark 7:7-8). Ang mga Pariseo ay sumasamba sa Diyos sa walang kabuluhan; ang kanilang mga turo ay pawang mga tuntunin lamang na itinaturo ng mga tao. Ito ay mga ritwal na paglapit sa Diyos. Inalis nila ang mga utos ng Diyos at hinahawakan ang mga tradisyon ng tao.

Ang ilan ay maaaring makipagtalo na ang iba't ibang mga denominasyon, para sa mahalagang bahagi nila mula noong Repormasyon, ay nakaambag daw ng malaki upang maipalaganap ang Ebanghelyo ng ating Panginoong Hesu Kristo sa buong mundo. Iyon ay totoo at para lamang iyon sa Ebanghelyo. Hangga't ipinangangaral ang Ebanghelyo ni Kristo, ipinakilala si Hesu-Kristo, at ang Kanyang Pangalan ay naluluwalhati. Ngunit ang Diyos ay hindi kailanman nasa organisadong Kristiyanismo. Siya ay hindi kailanman gumagawa sa mga organisasyon. Pinahihintulutan Niya ang anumang ginagawa nila ngunit sa huli, sa paghuhukom, marami ang makakarinig ng mga salitang ito na bibigkasin kapag sila'y nakatayo na sa harapan Niya: "*Hindi ko kayo nakilala: umalis kayo, kayo na gumagawa ng kasamaan*" (cf. Matt.7:21-23). Sa pamamagitan ng kanilang sariling pangangatwiran, gaano man kabuti ang mga gawa, nilililang lang nila ang kanilang mga sarili; nabigo silang gawin kung ano ang tama sa paningin ng Diyos ayon sa Kanyang Kalooban. Sila ay gumawa ng kasamaan.

Tulad ng mga Pariseo, na tumanggi kay Juan Bautista at kay Hesu Kristo, ang mga organisadong simbahan ba ay kayang tanggapin ang isang taong pinadala ng Diyos? Walang alinlangang ang karamihan ay hindi, dahil hindi nila nakikita ang kabila ng tabing ng kanilang mga tradisyon para makilala ang tunay na mga tagapaglingkod ng Diyos na nabubuhay ng simple; walang karangyaan, walang panlabas na palabas ng kadakilaan, sapagkat ang Espiritu ng Diyos ay nasa kasimplehan. Ang karamihan sa mga lingkod ng Diyos ay walang mataas pinag-aralan; hindi nila ipinagmamalaki ang magagandang pananalita.

Ang mga Propeta at mga Apostol

O kung nakikita lamang sana ng mga simbahan na ang Salita ay dumating sa Iglesia sa pamamagitan ng mga kaloob ng Diyos. Ngunit hindi ganito, nais nilang lumabas ang Salita ng Diyos sa kanilang sariling mga iglesya, sa pamamagitan ng kanilang "*mga lalake na may kaloob*" upang pakainin sila. Kung alam lamang nila ang Salita, makikita nila na sa panahon ng Lumang Tipan, ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa mga propeta na naghahayag ng mga misteryo na nais ipahayag ng Diyos sa mga anak Niya. Ang mga Propetang iyon ay hindi mga sariling-proklamang guro, o mangangaral, o mga teologo, o kahit man sariling proklamang mensahero ng Diyos. Sila ay tinawag at inordenahan ng Diyos, mula pa sa sinapupunan ng kanilang ina (cf. Jer.1:5). Siyempre, may mga paaralan ng mga propeta (ito ay mga propetekong estudyante) na natuto sa mga propetang isinugo ng Diyos (cf. 1Sam.10:5; 2Kgs.9:1). Nais nilang magsalita tungkol sa Diyos ngunit ang mga estudyanteng ito ay walang direktang pagtawag mula sa Diyos, sa madaling salita. Gayunpaman, sa Bagong Tipan, isang bagong kaayusan ang itinatag pagkatapos na matupad ni Kristo Hesus ang "*kautusan at mga propeta*". Ang isang bagong ministeryo ay ipinakilala sa Iglesia, ang kapulungan ng mga tinawag. Ang ministeryo na ito ay karaniwang kilala bilang ang ministeryo ng "Mga Kaloob na Ibinigay sa Pag-akyat" (cf. Eph.4:11-16). Ito ay ang Limang Lupi ng Ministeryo na binubuo ng mga Apostoles, Propeta, Evangelist, Pastor at mga Guro.

Upang matupad ang "*kautusan at ang mga propeta*" si Kristo ay dumating bilang **ANG PROPETA** na inihula ng mga propeta (sa Lumang Tipan) na Siyang darating sa Israel. Hinahanap siya ng Israel. Gayunpaman, si Kristo ay isa ring IPINADALA - isang APOSTOL na ipinadala ng Diyos - hindi lamang upang ipahayag ang Ebanghelyo kundi ipinadala din upang itakda ang Salita ng Diyos sa kaayusan at upang tuparin Ito. At nang magawa na Niya iyon, Siya ay bumalik noong Araw ng Pentecostes upang maging sa lahat ng mga tao na ibinabahagi Siya. Siya ay naging APOSTOL at Mataas na Saserdote ng lahat ng mga mananampalataya. Si Kristo Hesus, bagaman ANG PROPETA ng mga Propeta sa Israel, ay hindi isa sa Iglesia kung бага. Sa Kanyang Iglesia, Siya ay **ANG APOSTOL** ng kanyang mga pananampalataya (cf Heb.3:1).

Nakikita ng Bagong Tipan ang bagong ministeryo - ang **APOSTOLIKONG MINISTERYO** ay nangunguna. Dumating na ngayon ang Salita ng Panginoon sa mga Apostol, na hinanda upang "makita" ang mga kapahayagan ng mga misteryong nakatago sa Lumang Tipan. Ang mga unang henerasyon ng mga Apostol ay espesyal na nilagyan ng Banal na Espiritu at sila (lalo na si Pablo) ay nagkaroon ng hangarin na ipangaral at isulat kung ano ang ipinahayag ng Espiritu sa kanila. Ang mga Apostol ay mga Apostol. Sila ay hindi mga Propeta kahit na ang iba ay tinatawag silang propeta o ng iba pang mga katawagan. Gayunpaman, ang mga Apostol, maging si Pablo, ay laging tinatawag ang kanilang mga sarili na mga Apostol, at hindi kailanman bilang mga Propeta. Bakit? Simple lang, ang Bagong Tipan ay narito na; ang luma, na natupad na ni Kristo ay nakatiklop at itinabi. Ang isang bagong **paraan** ay pinasimulan kung saan si Kristo Mismo, ANG APOSTOL ng mga Apostol ng Iglesia, ang Siyang tumatawag at

maglalakip sa ilang mga kalalakihan upang maging mga Apostol. Ang mga kalalakihang ito ay pinili bago pa ang pundasyon ng mundo para sa gawaing ito.

Ang mga Apostol ay ipinadala upang maisaayos ang mga bagay na kulang sa Iglesia ng Diyos kahit pa sila ay ipinadala din upang ipangaral ang Ebanghelyo. Ang lahat ng mga Apostol, Propeta, Evangelista, Pastor at Guro ay ipinadala ng Diyos ngunit ang mga Apostol lamang ang "**tagapag-ayos ng mga bagay-bagay**". Siyempre, hindi lahat ng mga Apostol ay pantay-pantay sa ministeryo ni Kristo, bawat isa ay binigyan ng kaakibat na pananampalataya –ang ilan ay 10, ang ilan ay 30, ang ilan ay may 60, at ang ilan ay may 100. Makikita natin ito sa ministeryo ng mga orihinal na Disipulo ni Kristo. Kung ihahambing kay Pablo, na isang Apostol na "*ipinanganak sa takdang panahon*", ang ilan sa mga Apostol ay nagsulat lamang ng ilang mga aklat at ang iba nga ay wala. Ito ay isang halimbawa upang maipakita na ang mga Apostol ay hindi magkakapantay, ngunit hindi rin ito nangangahulugan na hindi nila maaaring maunawaan ang isang kapahayagan na ipinahayag ng Diyos sa isang partikular na Apostol. Si Pablo ay isa sa mga tao kung kanino binuksan ni Kristo ang maraming misteryo. Kahit na si Pedro, ang dakilang mangingisda at tagapagsalita ng "*labindalawa*", ay hindi nga maunawaang lubos ang malalalim na mga aral ni Pablo, dahil sa simula pa, kasama ng karamihan sa mga Apostol at nakakatanda sa Jerusalem, siya ay nadiliman ng mga tradisyon at mga batas ng Hudyo (cf. Mga Gawa 15; Gal.2:11-21) ngunit kinalaunan ay naintindihan niya rin ang mga ito (cf. 2Pet. 3:15,16).

Ang ministeryo na natatangi sa Iglesia na **iba** kaysa sa ministeryo ng "Mga Kaloob na ibinigay sa Pag-akyat" ay ang ministeryo ng mga Mensahero (ang mga bituin sa kamay ng Anak ng Tao) sa kapanahunan ng Pitong mga Iglesia (cf. Rev.1-3). Ang bawat isa sa Pitong Mensahero ay dumating at nawala. Ang bawat isa ay ipinadala na may isang tiyak na mensahe upang ibigay sa mga banal sa kanilang panahon. Ngunit ang Limang Lupi ng "Mga Kaloob na ibinigay sa Pag-akyat" (cf. Eph.4:11-16) ay ang ministeryo na magpapaperpekto sa mga banal. Ang "Mga Kaloob na ibinigay sa Pag-akyat" na nasa kapuspusan nito ngayon dahil ang mga hinirang ng Diyos ay tinawag muli sa Salita sa pamamagitan ng ministeryo ng huling mensahero sa huling Kapanahunan ng Iglesia.

Ang ilang mga organisadong mga simbahan at mga huwad na kulto ay umalis sa mga turo ng mga Apostol at Propeta dahil naniniwala sila na ang mga ministeryong ito ay hindi na kailangan (at samakatuwid bagay wala na daw mga apostol at propeta ngayon) na "**ang perpekto**" daw ay dumating na. Para sa mga kultong ito, "**ang perpekto**" na binanggit ni Pablo sa 1 Mga Taga Corinto 13 ay ang "*Canon ng Biblia*". (Ito ay isang palagay at walang suporta mula sa Kasulatan. Ang "*perpekto*" ay tumutukoy sa pagkakumpleto ng ating karunungan na magdudulot sa mga bahagyang karunungan (na alam natin ngayon) sa isang katapusan at ang kumpletong karunungan ay ipagkakaloob sa atin. Ito ay magaganap lamang sa pagbabalik ng ating Panginoong Hesu Kristo.) Dahil ang mga kulto na ito ay hindi naniniwala sa

mga apostol at propeta para sa kasalukuyang araw na ito, ay hindi nangangahulugan na walang mga apostol at walang mga propeta ngayon. Siyempre, hindi maitatanggi na maraming mga bulaang apostol at mga bulaang propeta; mayroon ding mga pinoproklama ang kanilang sarili, at yaong mga pinagaral, sinanay at inordenahan ng mga organisadong simbahan.

Panuntunan ng Tao



Ngayon, tulad ng lahat ng mga Kristiyano na humahawak sa mga tradisyon ng simbahan, ang aking kaibigang si PO ay hindi tumitingin ng lampas sa kurtina ng kanyang mga aral upang makita ang Katotohanan ng Salita ng Diyos. Nakikita niya ang Biblia at binabasa niya Ito tulad ng isang nobela. Hindi niya nakikita ang Katotohanan sa ilalim ng mga salitang binabasa niya. Siya ay tinuturuan na sundin ang panuntunang ito: "*Kung ang literal na kahulugan ay may katuturan, huwag ng maghanap pa ng iba pang kahulugan.*" (Ito ay isang sipi na nauugnay kay M.R. DeHaan MD [1891-1965] na isang Amerikanong guro ng Bibliya, pastor, manunulat, at manggagamot. Tagapagtatag ng Radio Bible Class.)

Ang mga panuntunan ay mga panuntunan, ganyan lang iyan, at si PO ay sinusunod iyon - inuunawa ang Biblia sa pamamagitan ng panuntunan, ang panuntunan ng tao. Una sa lahat, bakit ang pagkakaunawa ng tao ang magiging panuntunan sa pagunawa ng Bibliya? Ito'y resulta lamang ng mga propaganda sa mahabang panahon. Minsan, ang mga tao ay nagaasal katulad ng mga Loro, lalo na sa mga kasabihang nakakakuha ang kanilang mga atensyon maging ito man ay may katuturan o wala. Pagkatapos nito, ang kasabihan ay magiging isang "katotohanan". Kaya ang kasabihang, "**kung ang literal na kahulugan ay may katuturan, huwag ng maghanap pa ng iba pang kahulugan**" ay isang makatawag atensiyong kasabihan sa maraming mga mag-aaral ng Bibliya at mga mangangaral katulad sa kasabihang "**Pagkakaisa sa Trinidad at ang Trinidad ay Pagkakaisa**" para sa maraming mga Trinitaryan.

Narito ang isang katulad din na tuntunin na medyo may katuturan na ginawa ni Dr. David L. Cooper, ang dating director ng Biblical Research Society:

"Kapag ang malinaw na pangunawa ng Banal na Kasulatan ay lumilikha ng isang sentido kumon, huwag maghanap ng iba pang kahulugan; kaya nga, kunin ang bawat salita sa pangunahin, ordenaryo, karaniwan, at literal nitong kahulugan maliban kung ang mga katotohanan ng agarang konteksto, na pinag-aralan sa

liwanag ng mga kaugnay na mga sipi, aksyomatiko at pangunahing mga katotohanan ay malinaw na ipinapahiwatig."

Ngayon, ang mga panuntunang ito na ginawa ng mga tao ay makatutulong lamang kung ikokunsulta ito paliwanag ng Kasulatan. Ang pagsunod ba sa gayong mga patakaran ay makakapagbibigay ng isang tunay na pagkaunawa sa mga Katotohanan na nakatago sa Kasulatan? Oo, kung kukunin ang **"bawat salita sa kanyang pangunahin, ordinaryo, karaniwan at literal na kahulugan"** mauunawaan natin ang ilang simpleng mga katotohanan, tulad ng ang Diyos ay Espiritu, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa sa loob ng anim na araw, nagtayo si Noah ng isang arka na sapat ang laki para maisakay ang bawat pares ng mga hayop sa lupa, at binigyan ng Diyos si Moises ng Sampung Utos na nakasulat sa mga tapyas ng bato. Gayunpaman, pagdating sa *"maliban kung kumain ka ng aking laman at uminom ng aking dugo, wala kang buhay na walang hanggan"* (mga salitang binigkas ni Hesu Kristo sa Juan 6:53-58), ito ay ibang usapan na. Paanong ang mga salitang iyon ni Hesus ay hindi dapat gawing literal?

Klarong Konteksto

Maaaring sabihin ng iba na ang konteksto ay malinaw na hindi literal na tinutukoy ni Hesus ang pagkain ng Kanyang laman at dugo kapag ang talatang ito ay *"pinag-aralan sa liwanag ng mga kaugnay na mga talata at sa aksyomatiko at pangunahing mga katotohanan"*. Totoo nga ito, dahil sa loob ng talata ang kapalinawagan ay malalaman. Ngunit kung ikaw ay naninirahan noon sa mga araw ni Hesus, at narinig mong sinasabi Niya ito ay tiyak na hindi ito malinaw na pahayag tulad ng inaakala. Masasabi ba ng aking kaibigan si PO, o sinumang estudyante ng Bibliya, na maunawaan nila kung ano ang ibig sabihin ni Hesus kung nabubuhay sila sa mga panahong iyon? Hindi ako naniniwala. Sa kabaligtaran, naniniwala akong si PO (na katulad ng mga relihiyosong Pariseo) ay itatanggi si Kristo at tawagin pa Siyang isang diyablo.

Ang mga disipulo ni Kristo ay nabigla sa kanilang narinig. Sila ay natisod, sila ay nagdamdam dito, at sila ay nagpapakita ng kalungkutan tungkol dito. Kung totoo, sino ang hindi? At hindi ito ang unang pagkakataon. Naunang narinig nila kung papaano sinabi ni Hesus na, *"Gibain niyo ang templong ito, at sa tatlong araw ay itatayo ko ito"* (cf. Juan 2:19). Ang mga salitang ito ay binigkas sa harapan ng mga sumasamba sa Templo ng Jerusalem nang pumasok si Kristo upang linisin ito. Ngayon, isa sa mga patakaran ng *hermeneutiko* ang nagsasaad na *"ang isang teksto bukod sa konteksto nito ay isang kasinungalingan"*. Kaya, maaaring bang ang mga nag-aakusa ay magkasala dahil sa hindi pagkakaunawaan sa mga salita ni Kristo kahit pa na sinalita nila ang eksaktong mga salita na Kanyang binigkas? (c f. Matt.26:60-62). Gumawa ba sila ng isang kasinungalingan? Maaari bang sabihin ng mga teologo na kinuha ng mga tagapag-akusa ang teksto mula sa konteksto nito?

Ang isang mabuting bagay tungkol sa mga alagad ay hindi sila agad lumukso sa isang konklusyon at nagsimulang makipagtalos kay Kristo upang humingi ng isang "paliwanag" o isang sagot para sa bawat bagay na kanyang sinasabi. At may napakaraming mahihirap maintindihan na mga kasabihan (at talinhaga) na binigkas ng kanilang Guro. Ang mga desipulo ay may tamang tama lang na pag-iisip para makinig at matuto, at sila ay ginantimpalaan lamang pagkatapos na ibigay sa kanila ang Espiritu ni Kristo sa Araw ng Pentecostes. Kung wala ang kaloob ng Banal na Espiritu, kung wala ang natatanging pagpapahid, imposibleng makarating sa kaalaman ng Katotohanan, para makapunta sa kapahayagan ng maraming misteryo at malalalim na kasabihan na nakasulat sa Banal na Kasulatan.

Mangatwiran O Hindi Mangatwiran

Narito ang ilang sipi na kinuha mula sa isang artikulo na isinulat ng isang Amerikanong ebangelista, pastor, tagapagturo, at manunulat, ang yumaong si R. A. Torrey na pinamagatang "*Profitable Bible Study*". Kukunin ko ang iyong pansin doon sa pinakauna mula sa apat na bagay na binanggit niya patungkol sa pag-aaral ng Biblia.

"Huwag pumunta sa Biblia na puno ng iyong sariling mga ideya, at maghahanap dito ng kumpirmasyon para sa mga iyon. Sa halip, pumunta ka upang malaman kung ano ang mga ideya ng Diyos bilang Siya ang naghayag nito doon. Pumunta ka hindi para makahanap ng kumpirmasyon ng iyong sariling opinyon, ngunit upang maturuan ka kung ano ang kalugodlugar na ituturo ng Diyos. Kung ang isang tao ay pumupunta sa Biblia upang mahanap lamangang kanyang mga ideya doon, makikita niya ang mga ito; ngunit kung siya ay pumunta sa at kinikilala na siya ay mangmang, tulad ng isang maliit na bata na kailangang turuan, siya ay makakahanap ng isang bagay na walang hanggan na mas mahusay kaysa sa kanyang sariling mga ideya, kahit pa ang kaisipan ng Diyos. Nakita natin kung bakit maraming tao ang hindi nakakakita ng mga bagay na malinaw na itinuro sa Biblia. Ang tinuturo na mga doktrina ay hindi ang kanilang ideya, na dahilan na silay mapuno at wala ng silid para sa mga tunay na itinuturo ng Biblia.


Ang pag-aaral ng Bibliya bilang Salita ng Diyos ay may apat na bagay.

(1) Una, kinasasangkutan nito ng walang pagaalinlangang pagtanggap sa mga turo nito na tiyak na natukoy, kahit na maaaring lumitaw ito bilang hindi makatwiran o imposible.

Sa pagkatwiran ay nanganagilangan ng pagsumite natin ng ating paghatol at pangangatwiran sa mga pahayag ng walang hanggang karunungan. Wala nang iba pang irasyonal kaysa sa

rasyunalismo, na ginagawa ang may katapusang karunungan bilang ang pagsubok ng di masukat na karunungan, at isinusumite ang mga turo ng pagkaalam ng Diyos sa pag-apruba ng paghatol ng tao. Ito ang pinakamalalim at walang katotohanang nagsasabing, "Hindi ito maaaring totoo, bagaman sinabi ng Diyos ito, dahil hindi ito sang-ayon sa aking katwiran." "Ngunit sino ka, O tao, upang makipag-usap pabalik sa Diyos?" (Roma 9:20). Ang tunay na karunungan ng tao, kapag natagpuan nito ang di masukat na karunungan, ay yumuyuko ito dito at nagsasabing, "Sabihin mo kung ano ang Iyong kalooban at ako'y maniniwala." Kung tayo ay kumbinsido na ang Biblia ay ang Salita ng Diyos, ang mga turo nito ay dapat ang maging katapusan ng lahat ng mga kontrobersya at talakayan. Ang "Ganito ang sabi ng Panginoon" ay maglulutas sa bawat tanong. Ngunit marami ang nagsasabi na ang Biblia ay ang Salita ng Diyos, at kung ipinakikita mo sa kanila kung ano ang malinaw na itinuturo ng Biblia sa ilang mga pinagtatalunang punto, kanilang iiling ang kanilang mga ulo at sasabihin, "Oo, ngunit sa palagay ko," o di kaya "Si Doctor -, o si Propesor na ito, ang aming simbahan ay hindi nagtuturo ng ganitong paraan." May maliit na kita sa ganitong uri ng pag-aaral sa Biblia."

Mawalang galang kay Torrey, pero ito ang pinakamangmang na bagay na nabasa ko kailanman: **"walang pag-aalinlangang pagtanggap... kahit na lumilitaw ang mga ito bilang hindi makatwiran o imposible"**. Tatanggapin ba natin ang ating nabasa nang walang kapahayagan? At totoo ba na **"wala nang iba pang irasyunal kaysa sa rasyunalismo"**? Hindi ba nilikha ang Tao sa larawan ng Diyos na may katalinuhan at kakayahang mangatuwiran? Ano ang masama tungkol sa pangangatuwiran kapag inaanyayahan tayo ng Diyos na mangatuwiran sa Kanya? Basahin ang Isaias 1:18.



Ginamit ni Torrey ng mali ang Roma 9:20. Ang talata ay nagsasalita ng soberanya ng Diyos katulad ng isang Magpapalayok sa kanyang putik.

Ngayon, ito ang sinabi ni Hesus sa mayamang batang pinuno -

"At nang marinig ni Jesus ang mga bagay na ito, ay sinabi niya sa kaniya, Ikaw ay kulang sa isang bagay: ibenta mo ang lahat ng iyong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin." - Lucas 18:22

Ibebenta ba natin ang lahat ng mayroon tayo at ibigay sa mga mahihirap at pagkatapos ay sundin si Hesus? O gagawin din ba natin ang sinabi ni Hesus sa mga talatang ito?

"At kung ang iyong kanang mata ay nakapagpapatissod sa iyo, kunin mo ito, at itapon mo: sapagka't kapakinabangan sa iyo na ang isa sa iyong mga miyembro ay mapahamak, at hindi ang iyong buong katawan ay itatapon sa impiyerno. At kung ang iyong kanang kamay ay nakakasala, putulin ito, at itapon ito: sapagkat ito ay kapaki-pakinabang para sa iyo na ang isa sa iyong mga miyembro ay mapahamak, at hindi na ang iyong buong katawan ay itatapon sa impiyerno." - Matt.5:29-30

Dudukutin ba natin ang ating mata, o puputulin natin ang ating kamay, na nagkakasala para hindi matapon ang buo nating pagkatao sa impiyerno?

Kung gayon, tatanggapin ba natin nang walang alinlangan kung ano ang sinasabi ng Biblia nang walang rasyonalismo kahit na ang sinabi ni Hesus sa mga talatang iyan ay parang hindi makatuwiran? Siguro hindi iyan ang ibig sabihin ni Torrey, yamang isinama niya ang mga salitang "tiyak na natukoy". Tingnan natin:

"Una, kinasasangkutan nito ng walang pagaalinlangang pagtanggap sa mga turo nito na tiyak na natukoy, kahit na maaaring lumitaw ito bilang hindi makatuwiran o imposible."

Ngayon, ito ang isang uri ng pahayag na ang aking kaibigang si PO at ang mga Trinitaryan ay masaya laging babanggitin bilang pinagmumulan ng kanilang **"walang-pag-aalinlangang pagtanggap"** sa iisang Diyos na binubuo ng Tatlong Persona hangga't binabanggit ng Biblia ang "Ama", **"Anak" at "Banal na Espiritu"** "kahit na sila ay maaaring lumitaw na di-makatuwiran o imposible." Bakit? Sapagkat ang Trinidad ay **"tiyak na natukoy"** ng "Ama", "Anak" at "Banal na Espiritu" sa Biblia.

Tayo ay Sabay na Mangatwiran

Ang mga tradisyonal na mga Kristiyano ay may isang linyang interpretasyon lamang at mabilis silang pupunta sa isang agarang konklusyon: **"Kapag nakarinig ka ng tunog ng yapak, isipin mo agad kabayo, hindi zebra."** Totoo ito, kapag ang alam lamang nila ay mga kabayo, katulad ng babaeng Samaritano sa balon na ang tanging alam lang ay ang natural na tubig noong sinabi ni Hesus na "tubig ng buhay". Nahihirapan silang magisip sa labas ng kahon (ng kanilang mga tradisyunal na aral sa simbahan) at mag-isip na magkapareho at may parehong pangangatwiran. Hindi ba ipinaalala nito sa iyo si Nicodemuo nang sabihin ni Hesus sa kaniya, "Kailangang ipanganak ka muli", agad siyang bumuo ng isang larawan at inunawa ang mga salitang "ipinanganak muli" sa literal, kaya niya naisip ganito: **"Ano? Sinasabi mo ba na kailangan kong bumalik sa sinapupunan ng aking ina at maipanganak muli? Tiyak na hindi iyon pwede."**

Siyempre, hindi talaga pwede iyon. Ngunit sino ang maaaring sisihin si Nicodemo dahil maraming mga katulad niyang may pagiisip na tinitingnan lamang ang mga salita sa paraang LITERAL– naniniwalang literal ang sinabi ni Hesus, ang sinabi ng Diyos at ang sinasabi ng Biblia. Kahit na ipinaliwanag ito ni Hesus sa kaniya, hindi pa rin mauunawaan ni Nicodemo ang katotohanan ng mga salita ni Hesus. Kinailangang pagwikaan ni Hesus si Nicodemo, "Ikaw ay guro ng Israel, ngunit hindi mo nauunawaan ang mga bagay na ito?" Totoo, paanong mauunawaan ng isang relihiyosong pagiisip



ang mga **espirituwal na bagay** kung ang mga ganitong pag-iisip ay nakakulong lamang sa **tradisyonal na mga bagay**? Paano mauunawaan ito ni Nicodemus kung siya ay "NATURUAN" ng MAKARELIHEYONG katuruan ng mga Pariseyo? At si PO ay katulad na katulad ni Nicodemo; siya ay tinuturuan sa seminaryo ng mga tao, at dahil hindi alam ang Katotohanan, ay itinuturo niya din sa iba ang Salita ng Diyos ayon sa mga tradisyon ng tao.

Ang mga tradisyonal ba na mga Kristiyano ay talagang nadiliman na ng mga tradisyon ng kanilang mga simbahan na hindi na sila makapangatwiran gamit ang SALITA? Hindi ba sinabi ng Panginoon "*Halika ngayon, at tayo'y mangatuwiran...*"? Kung ang mga Kristiyano ay sinsero at pagag dumako sa Salita, at hayaang si Kristo ay mangatwiran kasama nila, sasawayin Niya at iwawasto ang mga pagkakamali sa kanilang pag-iisip, kung hindi, ay mamatay sila dahil sa kawalan ng kaalaman sa Katotohanan ng Diyos. Ngunit kabaliktaran nito ang nangyayari, marami ang may mga manhid na dahilan na madalas nating naririnig na sinasabi nila na ang ilang bahagi ng Salita ng Diyos ay hindi daw mahalaga kaysa sa iba pang mga katotohanan. Ang Sentido Kumon ay hindi nananaig sa buhay ng maraming Kristiyano.

Halimbawa, tungkol sa **Bautismo sa Tubig**, sinabi ni PO na hindi mali para sa isang tao na mabautismuhan sa tatlong titulo ng Ama, Anak at Banal na Espiritu, ayon sa Mateo 28:19. (Ang aking kaibigan si PO ay wala man lamang kapahayagan sa Pagka-Diyos, kung ang Diyos ay isa, dalawa o tatlo.) Naniniwala siya na ang bautismo sa tubig sa **Pangalan** ng Panginoong Hesu-Kristo (na ayon sa nakatala sa Mga Gawa ng mga Apostol) ay hindi mahalagang bagay sa Kasulatan basta ang isang mananampalataya ay mabautismuhan sa pamamagitan ng paglubog sa tubig. Para sa kanya, ang magkaibang paraan na ito sa bautismo ay parehong tama. Sinabi niya, "**Hindi ito sa kung sa anung paraan kundi nakabase ito sa puso at ang kahalagahan ang siyang importante.**" Para sa kanya kung ano ang hinahawakan at pinaniniwalaan ng ating puso ay higit na mahalaga kaysa sa eksaktong paggawa sa inuutos ng Salita ng Diyos. Nilalagay ni PO ang puso ng isang tao sa itaas ng Salita ng Diyos. Hindi ba niya nabasa kung ano ang inawit ni David sa Panginoon sa isa sa kanyang Mga Awit: "*Sapagka't iyong pinadakila ang iyong salita sa lahat ng iyong pangalan*" (Psa.138: 2)? Hindi ba niya nabasa ang Santiago 1:22-25 tungkol sa pagiging "*tagatupad*

*ng salita, at hindi lamang tagapakinig, na dinadaya ang inyong sarili"? Bukod dito, ang mga elemento ng Komunyon (ng Huling Hapunan ng ating Panginoon), kung ito man ay tinapay na walang lebadura at alak, o tinapay na may lebadura (isang biskwit) at *grape juice*, para kay PO ay hindi ito mahalaga. Sinabi pa niya, "*Tinapay at prutas ng puno ng ubas - ito ay labis na pinag-uusapan na hindi naman dapat sapagkat hindi ito kailanman binibigyang diin sa Bagong Tipan, kung ang tinapay ay may lebadura o wala o kung ang alak man ay naburo o hindi.*" Bakit may ganitong pang-unawa? Pinapakita lang na hindi niya alam kung ano ang pinagdaanan ng mga Hudyo noong mga araw ng Biblia para tuparin ang lahat ng ipinakita ng Diyos kay Moises doon sa bundok. At ang mga Apostol ay mga Hudyo; sila ba ay nagisip kahit minsan ng iba kaysa sa kahalagahan ng mga elemento tungkol sa Huling Hapunan ng Panginoon (sa tasa at tinapay) na dumating sa Iglesia sa pamamagitan ng Paskwa na ang hapag ay walang lebadura?*

Ngunit ano ba talaga ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa bautismo sa tubig? Ang paggamit ba ng tatlong mga TITULO ay katulad din ng pagagamit ng PANGALAN? Talaga bang pinahihintulutan ng Bibliya ang isang mananampalataya na **pumili ng dalawa**, kung may dalawang pagpipilian? Ang mga estudyante sa Bibliya, kabilang na si PO, ay alam na ang Biblia ay may isang kahulugan lamang, ngunit karamihan, kasama na si PO, ay nagaalok pa ng isa pang kahulugan para sa mga bagong mananalampalataya na pumili ng angkop sa kanila. Bakit? Dahil sa kabiguan na maunawaan kahit ang simpleng kapahayagan na itinuro ni Apostol Pedro tungkol sa kaligtasan noong Araw ng Pentecostes sa kanyang mga tagapakinig na nagtanong sa kanya: "*Ano ang aming gagawin?*" Ang sagot ay diretso at simple: "*Magsisi kayo, at magpabautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Hesu Kristo para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at matatanggap ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.*"

May tatlong simpleng hakbang lamang na ibinigay: 1) "*magsisi*", 2) "*magpabautismo sa Pangalan ng Panginoong Hesu-Kristo*", at 3) "*tanggapin mo ang kaloob ng Espiritu Santo*". Ngayon, papaanong si PO, na nagpilit na dapat daw nating "**palaging tanggapin ang literal na kahulugan ng mga salita ng kasulatan maliban kung may matibay na katibayan na hindi ito tanggapin**" at ang partikular na tuntunin na "**kung ang literal na kahulugan ay may kabuluhan, huwag nang maghanap ng iba pang kahulugan, baka ito ay magresulta sa mga bagay na walang kabuluhan**", ay siya ding naghahanap pa ng ibang kahulugan kahit ang sagot na ibinigay ni Apostol Pedro sa kanyang tagapakinig ay isang simple at direktang sagot? Anong "**matibay na katibayan**" ang nasa kanya upang gawin ito - upang maghanap pa ng ibang kahulugan? Hindi ba malinaw at literal ang pahayag para sa kanya? O ang pahayag ba ay walang kabuluhan dahil hindi ito nakaayon sa pahayag ni Hesus sa Mateo 28:19?

Mga Bulag na Hipokrito

Dahil nabulag ng espiritu ng mga tradisyon at ng maling doktrina ng Banal na Trinidad ng mga Diyos, na tulad ng mga relihiyosong mga Pariseo,

si PO ay "**naghanap ng iba pang kahulugan**" upang bigyang-katwiran ang kanyang pag-unawa. Ang gayong rason ay ginagawang hindi kumpleto ang Salita ng Diyos. Kinuha nito sa Diyos ang Kanyang lubos na Katotohanan. Sa pamamagitan ng paglaban sa butil ng katotohanan at paghahangad ng iba pang kahulugan, si PO ay nagpapahiwatig, sa walang katiyakang termino, na ang utos ng Apostol Pedro ay tunay na walang kabuluhan. Ang ilang mga mangangaral ay nagpapatuloy pa rin sa pagsabi na ang pagbautismo sa isang mananampalataya sa pamamagitan ng pagwiwisik o pagbuhos ng tubig, sa halip ng paglubog ng tubig, ay katanggap-tanggap sa Panginoong Diyos. Kinikilala nila na ang bautismo sa tubig ay hindi kinakailangan na ilubog ang mananampalataya sa tubig (Grk: *baptizo*) ngunit ang pagwiwisik ng tubig (Grk: *rantizo*) ay sapat na katulad daw sa ginawa sa panahon ng Lumang Tipan. Mayroon silang "*maraming halimbawa ng mga katibayan*" at ang Gawa 9:18-19 ay isa dito. Ang mga taludtod ay binibigyang-kahulugan gaya sa ganitong paraan: Si Saulo ng Tarsus ay hindi nabautismuhan sa pamamagitan ng paglubog sa tubig ngunit nabautismuhan na nakatayo pagkatapos ng tatlong araw na walang pagkain o tubig, at bago ibinigay ang pagkain sa kanya. Bilang "*siya ay tatlong araw na walang paningin, at hindi rin kumain o uminom*" (Mga Gawa 9:9) at pagutos na "*bumangon at magpabautismo*", matapos niyang matanggap ang kanyang paningin, Tumindig si Saul (tumayo siya) at pagdaka'y winisikan ng tubig o ibinuhos sa kanyang ulo. Pagkatapos ay binigyan siya ng pagkain. Ang propetang si Ananias ay hindi siya dinala siya sa isang lawa o ilog.

Ang pagkuha ng isang maikli at malinaw na pahayag upang ipilit ang isang tradisyonal na paniniwala na ang isang tao ay maaaring magwiwisik o magbuhos ng tubig sa pagbabautismo sa tubig ay kalunus-lunos. Ang gayong pagpapakahulugan ay kamangmangan. Sinasalungat din nito kahit na ang simpleng katotohanan ng mga talatang ito ng Kasulatan:

"Habang umahon si Hesus mula sa tubig, nakita niya ang langit na nabuksan at ang Espiritu ay bumababa sa kanya na tulad ng isang kalapati." - Marcos 1:10

"At inutosan niya ang karwahe na tumigil: at silang dalawa ay bumaba sa tubig, si Felipe at ang bating; at binawtismohan siya. At nang sila'y umahon mula sa tubig, inalis ng Espiritu ng Panginoon si Felipe, at hindi na siya nakita ng bating; at siya'y nagpatuloy ng kaniyang lakad na may kagalakan." – Mga Gawa 8:38-39

Ang bautismo sa pamamagitan ng paglulubog ay nagsisimbolo sa kamatayan, libing at muling pagkabuhay ni Hesu-Kristo. Nakilala tayo kay Kristo at isinuot natin si Kristo. Kaya ang Pangalan ng Panginoong Hesu-Kristo ay inilalapat sa bautismo sa tubig. Tayo ay bahagi Niya, Kanyang Katawan, Kanyang Nobya. Basahin ang Gal.3:27; Ef. 5 30; 2Cor.11:2; Reb.19:7,8. Ang paggamit ng tatluhang titulo ng Ama, Anak at Banal na Espiritu ay hindi katulad ng paggamit ng Pangalan ng Panginoong Hesu-Kristo. Ang ilan sa mga mangangaral ay binaluktot ang mga salita ni Pedro at tinuturo na siya ay talagang nagutos sa mga mananampalataya, gamit ang awtoridad na ibinigay sa kanya ni Kristo, na "*sa pangalan ng Panginoong Hesu-Kristo*" lahat ng naniniwala ay dapat na mabautismuhan sa tubig "*sa pangalan ng Ama, Anak at Banal na Espiritu*".

Kung gayon, bakit ang mga tao o mga simbahan ay binabale-wala ang sinabi ng Diyos ngunit naniniwala pa rin sila sa Kanya nang buong puso? Hindi ba dapat igalang nila Siya at dapat matakot sa Kanya at sundin ang Kanyang sinasabi? Hindi ba sila naglalaro ng mga mapagkunwari kapag inaangkin nila na naniniwala daw sila sa literal na pagpapakahulugan sa Biblia ngunit nagbigay pa ng mga dahilan para doon sa mga simpleng direktang tagubilin sa Biblia? Hindi ba sila katulad sa mga Pariseo na pinagtatangol ang mga tradisyon nila sa kanilang relihiyon para sa kanilang sariling mga interes?



Bukod dito, hindi ba dapat maging maingat tayo na gawin ang isang tradisyon bilang ang ating pamantayan? Maraming mga Kristiyano, pati na ang aking kaibigang si PO, ay alam na dapat may dalawang "saksi" man lang sa Kasulatan para ang isang panuntunan ay maitatag. At makikita natin na may ilang mga talata sa Aklat ng mga Gawa kung saan ang mga nagsisampalataya ay nabautismuhan "*sa Pangalan ng Panginoong Jesucristo*" ngunit wala ni isa sa kanila ang nabautismuhan "*sa pangalan ng Ama, Anak at Banal na Espiritu*" kahit na ang ating Panginoon ay binigkas lamang ito ng isang beses (sa Mateo 28:19) at isang beses lang talaga. Gayun pa man, si PO ay mangangatwiran sa pamamagitan ng pagsasabing, **"Hindi ito sa kung sa anung paraan kundi nakabase ito sa puso at ang kahalagahan ang siyang importante"**, kaya malayo ito sa Katotohanan na ang **Bautismo sa Pangalan ng Panginoong Hesu-Cristo** ay ang tanging paraan ng Kasulatan. Hindi ba nilililang ng tao ang kanyang sarili at ginagawang kasinungalingan ang Salita ng Diyos dahil hindi niya nais na ang kanyang tradisyon (o opinyon) ay maipahamak? Hindi ba ito kasalanan?

Tila ba ang Bibliya ay pwedeng gamitin upang patunayan ang halos kahit anong gusto ng isang tao, kahit pa kung siya man ay naniniwala sa Salita o hindi. Tinanggihan ng mga Saksi ni Jehova ang pagkaDiyos ni Kristo at ang katotohanan ng isang impiyerno. Ang mga Tagasunod sa Araw ng

Sabbath gaya ng mga Seventh Day Adventist ay iginigiit na ang pagsamba sa Linggo sa halip na Sabado ay ang pagpapatatak ng Marka ng Hayop (na binanggit sa Aklat ng Apocalipsis). Pagkatapos ay may mga naniniwala na ang mga salita ni Hesu Kristo ay ang dapat lamang na tanggapin bilang Siya ang tanging guro. Ang mga taong ito ay itinatanggi ang mga sulat ni Pablo bilang may inspirasyon at itinuturing nila siya na isang huwad na apostol.

Ang mga paboritong katanungan na ginagamit ng ibat ibang mga kulto bilang kanilang pangdepensa ay medyo magkapareho. Ang mga tagasunod sa Araw ng Sabbath ay magtatanong: **"Ipakita mo sa akin ang isang talata sa Bagong Tipan na ang Sampung Utos ay tapos na o/at isang talata na nagsasabing hindi mo kailangang panatilihin ang araw ng Sabbath?"** Ang mga Kristiyano na hindi nagbibigay ng ikapu ay magtatanong: **"Ipakita mo sa akin kung saan sa Bagong Tipan na ang mga Kristiyano ay dapat magbigay ng 10% ng kanilang mga sahod?"** Para sa mga naninigarilyo, ang kanilang tanong naman ay ganito: **"Ipakita mo sa akin kung saan sa Biblia na kasalanan ang magpakasawa sa paninigarilyo? Kung bawal ang manigarilyo ng dahon, bawal din ba ang paginom ng dahon (tsaa)?"** Bukod sa mga tanong na iyan, ang ilang mga Trinitarians ay sumisigaw ng *"anathema"* sa lahat ng hindi naniniwala sa Tatlohang Diyos na ang mga pangalan ay "Ama," "Anak" at "Banal na Espiritu." Ang matatag na mga Pentecostal at Charismatics ay nagpipilit na ang iba ay walang Bautismo ng Banal na Espiritu maliban kung siya ay magsasalita sa mga wika. At pagkatapos ay may mga nasa *Third Wave Movement* na naniniwala na ang Diyos ay gumagawa ng mga bagong bagay tulad ng sa ngayon, Siya ay binigyan sila ng banal na pagtawa, na may mga kakaibang pag-uugali tulad ng paggapang sa sahi at paghingat o pagungol tulad ng mga hayop, at kahit ang pagpuspos sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga cell phone.

Pagbigay Diin

Ang isang karaniwang ginagamit na pangtaboy ng mga tradisyonal na mga Kristiyano laban sa isang turo na hindi nila tradisyonal na tinatanggap gaya ni PO ay: **"Ito ay hindi kailanman binigyang diin sa Bagong Tipan."** Ang bautismo sa Tubig gamit ang Pangalan ng Panginoong Hesus Kristo ay binigyang-diin ba sa Bagong Tipan? Ang sagot ay "oo" ngunit si PO at marami na katulad niya ay tinataboy ito palayo.

Ang ikapu ay binibigyang diin o nabanggit ba sa Bagong Tipan? Tama si PO kung sasabihin niyang: **"Hindi ito kailanman binigyang diin sa Bagong Tipan."** Gayunman, maraming mga Kristiyano ay tinuturuan namagbigay ng ikapu. Ang mga Kristiyano ay wala sa ilalim ng kautusan at samakatuwid ay hindi kailangan magikapu. Kaya, bakit tayo nagiikapu? Buweno, hindi ito tungkol sa ikapu, ito ay tungkol sa pagbibigay. At sa Bagong Tipan, hindi pwedeng ibalewala ang maraming mga sipi kung saan binanggit ang pagbibigay. Siyempre, walang nabanggit tungkol sa pagbibigay ng ikapu (ikasampu). Gayunpaman, ang mga tunay na mananampalataya na mga Ipinangakong Binhi ng Diyos na ibinigay kay Abraham ay sumusunod sa halimbawa ng pananampalataya ni Abraham na ating ama. Si Abraham

ay malayang nagbigay ng ikasampung bahagi ng lahat ng ibinigay sa kanya ng Diyos. Ito ay biyaya; Si Abraham ay wala sa ilalim ng Kutusan. Malaya siyang nakatanggap, malaya siyang nagbigay. Magkano ba ang dapat nating ibigay, walang mas mababa kaysa sa ikasampung bahagi ng regular na ipinasok ng Diyos sa ating mga kamay. Tinawag itong ikapu o kung anu man, ngunit isang kahangalan para sa isang tao na sabihin na "**ang pagiikapu**" ay hindi binigyang-diin sa Bagong Tipan habang tinatanggihang makita ang estado sa Lumang Tipan patungkol sa pagbibigay. Sa unang banda, hindi tayo makapagbibigay sa Diyos kung hindi Niya ito ibinigay sa atin (cf. Gen.14:20; 28:22). Kailangan natin ang parehong Tipan upang makita ang plano at layunin ng Diyos.

[Tandaan: Ang ilang mga simbahan ay gumagamit ng envelopes na may pangalan ng mga indibidwal na kasapi at ang halaga na nakapaloob sa kanilang mga sobre ay nakasulat sa mga ito bago bumalik sa kanila. Sa ganitong madayang paraan ang mga iglesyang gumagawa nito ay nagpipilit sa kanilang mga miyembro na "magbayad ng ikapu" sa halip na "magbigay ng ikapu" at maghandog. Ang ilang mga mangangaral ay binibigyang diin na magbigay sa kanilang ministeryo na para bang sa pamamagitan lamang ng kanilang ministeryo pagpapalain ang mga nagbibigay. Huwag magpalinlang. Ang mga ganitong mangangaral ay pinapakain ang kanilang sariling tiyan (cf. Rom. 16:18). Sila ay lumilikha ng yaman para sa kanilang sarili. Hindi sila tulad ni Apostol Pablo at iba pang mga unang apostol, na sa kanilang mga araw, taos-pusong nag-alaga sa espirituwal na kagalingan ng mga banal. Kahit na ang mga apostol ay may karapatang probisyon ng kapulungan ng mga banal sapagka't sila ay nagsilbi bilang sundalo na pumunta sa digmaan, bilang tagatanim sa ubasan, bilang mga pastol ng mga kawan, at gaya ng mga baka na nagbubungaka sa maisan, hindi sila naghahangad ng mais. Ang Diyos ang nagbibigay sa kanila sa pamamagitan ng paggawa Niya sa gitna ng mga banal.]

Kultural

Tungkol sa paghuhugas ng paa, sinabi ni PO ang kanyang pananaw, **"Paghuhugas ng paa? Ito ay isang bagay na kultural. May mga milyon-milyong mga Kristiyano na hindi nagsasagawa nito. Muli, hindi ito binigyang-diin sa mga sulat ng mga apostol."** Tulad ng dati, ang pinupunto pa rin niya ay ito: **"ito ay hindi nabigyang-diin"** ngunit sa pagkakataong ito, nilimitahan lamang niya sa mga sulat ng mga apostol para sa isang halatang kadahilanan na sa Ebanghelyo ni Juan ito ay naitala na ginawa ito ng ating Panginoong Hesus at iniutos ito.

"Kaya nang mahugasan niya ang kanilang mga paa, at makuha ang kaniyang mga damit, at muling maupo, ay sinabi niya sa kanila, Nalalaman бага ninyo kung ano ang ginawa ko sa iyo? Tinawag ninyo ako na Guro at Panginoon: at nagsasabi kayo ng mabuti; dahil ako nga. Kung ako nga, na inyong Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa; dapat din ninyong hugasan ang mga paa ng isa't isa. Sapagka't binigyan ko kayo ng isang

halimbawa, upang inyong gawin ang ayon sa ginawa ko sa inyo. Katotohanang, katotohang sinasabi ko sa inyo, Ang lingkod ay hindi dakila kaysa sa kaniyang panginoon; ni ang sinugo ay hindi lalong dakila kaysa sa nagsugo sa kaniya. Kung alam ninyo ang mga bagay na ito, maligaya kayo kung gagawin ninyo sila." - Juan 13:12-17

Gustuhin man natin o hindi, ang katotohanan ng Diyos ay dumating sa atin na nakadamit sa mga kultural na anyo - *Chaldean, Jewish, Egyptian, Assyrian, Babylonian, Medo-Persian, Grecian at Romano*. Mahalaga sa mga Kristiyano na makilala ang **mga prinsipyo ng Bibliya at kaugalian at kultura ng mga lahi**. Bagaman hindi ipinatutupad ng Bibliya ang mga kaugalian at kultura ng isang lahi papunta sa isa pa, **ang mga prinsipyong ito sa Biblia ay hindi nagbabago**. Samakatuwid, mahalaga na maingat na suriin natin ang pangangatuwiran sa Biblia para sa anumang sinasabi o utos. Halimbawa ay ang paghuhugas ng ng paa. Maraming organisadong tradisyonal na mga simbahan ang hindi ginagawa ito dahil lamang hindi nila maunawaan ang paliwanag dito at sa gayon ay nilalampasan nila ang utos ni Kristo. Gayunpaman, ano ang ipinapahiwatig ni Kristo sa mga salitang ito: *"Kung ako nga, ang inyong Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa; dapat din ninyong hugasan ang mga paa ng isa't isa. Sapagka't binigyan ko kayo ng isang halimbawa, upang gawin ninyo ang ayon sa ginawa ko sa inyo"*?

Ito ba ay isang simpleng pagpapahayag lamang upang ipaalala sa atin na maglingkod sa isa't isa sa pamamagitan ng Kanyang pagsagawa ng kakaibang kulturang iyon? O ang ginawa Niya bang ito at ang mga sinalita Niya ay hindi sapat na dahilan at hindi ba ito pagpapakita ng Kanyang pag-iisip, upang ipahayag ang kailangang gawin ito ng eksakto tulad ng kanyang ipinakita?

Kung ang **"paghuhugas ng mga paa"** ay isang pagpapahayag lamang **"na tayo ay dapat maglingkod"** kung gayon ang pariralang ito ay kalabisan sa sumusunod na pahayag ni Pablo, sapagkat ang batayang kahulugan na **"paglilingkod"** ay hindi nawawala kahit pa wala ang parirala:

"... at kilala ang kanyang mga mabubuting gawa, tulad ng pagpapalaki ng mga bata, pagpapakita ng pagiging maasikaso, paghuhugas ng mga paa ng mga banal, pagtulong sa mga may kahirapan at paglalaan ng sarili sa lahat ng uri ng mabubuting gawa." - 1 Tim.5:10



Ang pagsasagawa ng pagbabaluktot ng tuhod upang mahugasan ang paa iba ay isang tiyak na nagpapatibay sa utos ng Panginoon na mahalin at

paglingkuran ang mga miyembro ng Katawan ni Kristo. O napakababang-loob!

Ang numero "3" sa mga numero ng Biblia ay kumakatawan sa pagkaperpekto o pagkakumpleto. Narito ang ilang halimbawa: tatlong patriyarka, si Abraham, si Isaac at si Jacob; tatlong mga gawa ng Espiritu, pagwawalang sala, pagpapakabanal at ang Bautismo ng Espiritu Santo; tatlo na nagpapatotoo sa lupa, Espiritu, Tubig at Dugo; tatlong paghahayag ng Diyos, Ama, Anak at Banal na Espiritu; tatlong piraso ng muwebles sa Banal na Lugar ng Tabernakulo ni Moises, Altar ng Insenso, Mga Gintong Kandileryo at ang Hapag ng Tinapay; tatlong ordinansa, Pagbabautismo sa Tubig, Komunyon at Paghuhugas ng mga Paa.

Isa pang dapat tingnan sa "**mga pangkultural na mga bagay**" - ang isyu ng **buhok ng babae**. Sa 1 Corinto 11, ipinaliwanag ni Pablo ang paksa ng pagkapangulo at pantakip sa ulo - Ang ulo ni Kristo ay ang Diyos, ang ulo ng lalaki ay si Kristo, ang ulo ng babae ay ang lalaki at dahil dito, at dahil sa mga anghel, ang babae ay nangangailangan ng pangtakip sa kanyang ulo. At ang takip na ito ay wala iba kundi ang kanyang mahabang buhok (mga talata 5,13-15). Ngunit ang tradisyunal na mga simbahan ngayon ay pinagtatalunan itong kaugalian ng babaeng pinapanatili ang kanilang buhok bilang takip sa ulo. Ang mga iba't ibang mga kadahilanan, tulad ng mga kondisyon sa kapaligiran, panlipunan na kalagayan ng isang tao, panlahi at kultural na pinagmulan, ay binabanggit bilang dahilan sa hindi pangangailangan ng pagpapanatili ng mahabang buhok. Ngunit ang tunay na dahilan ay ang mga abala ng pagpapanatili nito ng pagiging mahaba sa mahabang panahon. Mas gusto nilang magkaroon nalang ng maikling buhok at sumbrero o belo para kanilang pangtakip. Anuman ang mga dahilan, ang mga salitang ito ni Pablo ay sasagot muli sa Araw ng Paghuhukom: "*Hindi ba't ang kalikasan mismo ay nagtuturo sa inyo na kung ang isang lalaki ay may mahabang buhok, ito ay isang kahihiyang sa kanya? Datapuwa't kung ang isang babae ay may mahabang buhok, ito ay isang kaluwalhatian sa kaniya: sapagka't ang kaniyang buhok ay ibinigay sa kaniya na pinaka takip*" (1Cor.11:14-15). O umalis kayo sa bigkis ng kasamaan!

Ang Lingwahe ng Tao

Sinasabi ng ilang mangangaral na "**ang Biblia ay isinulat sa wika ng mga tao at madali itong maunawaan kung susundin natin ang mga tuntunin ng wika.**" Ngunit ano ang "**mga tuntunin ng wika**"? Ang pagkakaroon ba ng unawa ba sa "**mga tuntunin**" ng wikang Hebreo at Griyego ay makapagbibigay ng madaling pagkaunawa sa Biblia? Ito ay maaaring totoo sa ilang pagkakataon hanggat kayang "**intindihin**" ng intelihenting pagiisip kung ano ang nais iparating ng mga wika. Gayunpaman, tiyak na hindi ito ang paraan na nilayon ng Diyos. Kung ang pang-unawa sa mga "**tuntunin**" ng mga wikang Hebreo at Griyego ay kailangan, kung gayon, ang mga mahihirap at mga walang pinag-mahaba ay nasa awa ng (karaniwang) mga mayayamang intelektuwal at edukadong mga Teyologo. Kung walang D.D. o Th.D. sa kanyang pangalan, ang isang

mangangaral ay wala; siya ay tinitingnan bilang isang "huwad" o isang baguhan sa pagunawa sa Banal na Kasulatan. Sa mga tradisyonal na mga Kristiyano, ang gayong mangangaral ay pwede lamang bilang isang pastor sa isang maliit na kongregasyon o bilang isang ebanghelista na nagpapalipat-lipat ng nayon sa nayon pero hindi siya pwedeng maging isang tagaunawa ng Bibliya.

Ang pinakakailangan sa ngayon, ay hindi isang pangkat ng mga intelektuwal, may pinag-aralan at mga taong sinanay para magturo sa atin ng mga doktrina ng Biblia gamit ang anumang paraan ng biblical na interpretasyon na itinuro sa kanila. Ang Biblia ay ang Salita ng Diyos at ang paghahayag ng Diyos sa tao. **Ang Diyos ang nag-uunawa sa Kaniyang Sariling Kasulatan.** Isinulat ng Banal na Espiritu ang Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng mga itinalagang mga tao ng Diyos. Sa katulad na paraan, hindi ibibigay sa atin ng Diyos ang mga nakatagong misteryo kundi sa pamamagitan lamang ng Kanyang itinalagang mga tagapaglingkod. Oo, mga lalaking tunay na tinawag ng Diyos. Kung ang Diyos ay binibigay sa atin ang pamamaraan ng tao upang unawain ang Kanyang Banal na Kasulatan ay para naring iniwan Niya ang pag-unawa ng Kanyang Salita sa karunungan ng tao na puro kamalian. Ang karunungan ng tao ay sa laman at ang natural na tao ay karnal. Ngunit ang Salita ng Diyos ay espirituwal:

"Kung saan ang mga bagay na sinalita din natin, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu Santo; paghahambing ng espirituwal na mga bagay sa espirituwal. Datapuwa't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kanya: ni hindi niya ito malalaman, sapagka't ang mga ito ay espirituwal na nauunawaan." -1 Cor.2:13-14

Ang Lingwahe ng Diyos

Ang lingwahe na ginamit sa Biblia ay ang lingwahe ng Espiritu ng Diyos, hindi ng tao. Gumamit ang Diyos ng maraming iba't ibang uri ng pananalita sa Biblia na hindi maaaring makaligtaan ng mambabasa, tulad ng talinghaga, ellipsis, hyperbole at synecdoche. Maraming iba pang uri. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga halimbawa:

Talinghaga: "*Sapagka't kayo'y magsisilabas na may kagalakan, at aalis ng may kapayapaan: ang mga bundok at ang mga burol ay haharap sa inyo na may pagawit, at ang lahat ng mga punong kahoy sa parang ay ipapalakpak ang kanilang mga kamay.*" - Isaia 55:12

Ellipsis: "*Sapagkat dumating si Juan na ni hindi kumakain o umiinom.*" - Mateo 11:18

Hyperbole: "*Si Saul at si Jonathan ... sila ay mas **mabilis kaysa sa mga agila**, sila ay **mas malakas kaysa sa mga leon**."* - 2 Samuel 1:23

Synecdoche: "*At **ang lahat ng mga tao** ay pumunta nang maaga sa kanya sa templo, upang marinig siya.*" - Lucas 21:38

"*Sino ang makakapagsabi kay Abraham na si Sarah ay magkakaroon ng **mga anak** na aalagaan? Sapagkat binigyan ko siya ng isang anak na lalaki sa kanyang katandaan.*" - Genesis 21:7

Muli, nakakalat sa buong Banal na Kasulatan ang maraming mga partikular na ekspresyon na higit pa kaysa sa mga iba't ibang uri ng pananalita lamang at maaari lang maunawaan sa pamamagitan ng Pagpapahid ng Espiritu ng Diyos sa mga binigyan para makita ito. Ito ay isang mahirap intindihin na mga kasabihan, walang duda, ngunit tandaan na ang Biblia ay katulad ng "**sulat ng isang kasintahan sa kanyang minamahal**", at samakatuwid ang mga umiibig lamang sa manunulat ang makakaalam ng mga ekspresyon na nakasulat sa loob nito.

Ngayon, ginagamit ng Diyos ang ilang mga partikular na pagpapahayag ng mga salita maliban sa mga pangitain, mga panaginip at mga matalinhanga upang ibigay ang Kanyang mga iniisip sa Kanyang mga propeta at apostol. Gayunman, ang pagtungo sa Kanyang Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng tradisyunal na mga simbahan na gumagamit ng wika ng mga tao ay naging sanhi sa maraming mga Kristiyano na hindi makita ang katotohanan ng kung ano ang ipinagkakaloob ng Diyos dahil hindi nila naunawaan ang paggamit Niya ng mga panaginip, mga pangitain, mga imahe at lalo na ang ilang partikular na mga ekspresyon na ginamit sa lingwahe ng Diyos. Kunin ang mga halimbawang ito: ang karamihan sa mga mambabasa ng Biblia ay naniniwala na ang ilang mga anghel ay may literal na mga pakpak, ang ilan ay isang pares, ang ilan dalawang pares at ang ilan ay tatlong pares. Naniniwala ang ilang mga Kristiyano na literal ang "*mga nilalang na buhay*" na nakita ni Propetang Ezekiel at Apostol Juan sa kanilang mga pangitain (tulad ng naitala sa kani-kanilang mga aklat) habang ang ilan ay naniniwala na sa Langit ay may isang literal na kalye na gawa sa dalisay na ginto at isang literal na ilog, "*isang dalisay na ilog ng tubig ng buhay*", kung saan maaaring maligo (cf. Rev.21:21; 22:1).

Pagsisimbolo, Walang Kabuluhan, Literal, Kalinawan

Masigasig sa mga tradisyon, na hindi na niya nakikita ang kakahuyan sa mga punong kahoy, si PO, sa kanyang argumento sa mga doktrina ng Orihinal na Kasalanan at ang Paglikha ng Babae, ay nagpapaalala sa akin sa pahayag na ito: "**Kung ang literal na kahulugan ay may katuturan, huwag ng maghanap ng iba pang kahulugan.**" Siyempre, "**Kung ang literal na kahulugan ay may katuturan, huwag ng maghanap ng iba pang kahulugan**", sa gayon para sa kanya "*ang puno ng buhay* sa

gitna ng hardin, at ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama" (Gen .2:9) ay mga literal na natural na mga puno at ang tadyang na kinuha mula sa gilid ni Adan ay ang tunay na tadyang ng tao. Samakatuwid, ang mga puno ay natural na mga puno at ang tadyang ay totoong tadyang ng tao; wala ng iba.

Isang pastor (Mateo Waymeyer) ang gumawa ng totoong obserbasyon tungkol sa kung ano ang itinatuturing na makahulugan sa Banal na Kasulatan:

"Upang maituring na makahulugan, ang wika na pinag-uusapan ay dapat magkaroon ng (a) ilang antas ng kahangalan kapag ginawang literal at (b) ilang antas ng kalinawan kapag kinuha ang simbolo."

Ito ay talagang isang tunay na pag-oobserba kung mayroong mang isa.


Dalawang Puno sa Gitna ng Hardin

Samakatuwid, kung gagawin na ang "Dalawang Puno" (sa Genesis 2:9) ay mga literal na puno ay malinaw na walang kabuluhan at walang katotohanan. Ang talata mismo ay sinasabi ang mga sumusunod:

"At pinalago ng Panginoong Dios sa lupa ang bawa't punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mainam na kainin; ang puno ng buhay ay nasa gitna din ng halamanan, at ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama."

Pansinin na ang talata ay may dalawang bahagi, na pinaghihiwalay ng isang tuldok-kuwit. Kahit na ang sinaunang Hebreo ay walang mga bantas at walang malalaking titik, ang pahinga sa taludtod gamit ang isang bantas (ang tuldok-kuwit) nang isinalin sa Ingles ay tama. Ang ikalawang bahagi ay isang pagsabad upang maitago ang isang katotohanan. Ito ay katulad sa pagsabad


sa Juan 2:19 noong pumasok si Jesus upang linisin ang templo sa Jerusalem at naengkwentro ang isang Hudyo tungkol sa Bahay ng Diyos at sinabi Niya na, *"Ibagsak ninyo ang templong ito, at sa ikatatlong araw ay ibabangon ko ito."* Ang tinukoy na templo ni Kristo ay ibang klase ng templo, katulad ng nabasa natin sa kasulatan. Sa pamamagitan ng halimbawang ito, suriin natin kung ano ang isinulat ni Moises sa Genesis 2:9.



Ang unang bahagi ay nagsasabi na ang Panginoong Diyos ay ginawa ang BAWAT punong makakain ang bunga at kanais-nais sa mata na tumubo sa lupa. Samakatuwid, walang pagbubukod sa anumang partikular na punong

namumunga na tumutubo "*sa lupa*" na hindi maaaring kainin. Ito ay isang katotohanan.

Ngayon, pansining mabuti na ang ikalawang bahagi ay walang kaugnayan sa mga puno na tumutubo sa lupa. Dahil dito, ang dalawang punong ito sa ikalawang bahagi ng talata ay hindi mga natural na puno. Kung ang mga ito ay may kaugnayan sa mga puno na tumutubo sa lupa, dapat ang kanilang bunga ay maaari ding kainin dahil iyon ang sinasabi sa unang bahagi ng taludtod ng talata na nagsasaad na ang LAHAT daw ng mga puno na may bunga na tumutubo sa LUPA ay maaaring kainin. Muli, pansinin na ang dalawang punong ito ay hindi matatagpuan "*sa hardin*" ngunit "*sa gitna*" (Heb: *tavek*, **gitna**, sentro) *ng hardin*", isang tiyak na lokasyon sa hardin at hindi lamang sa kahit saang bahagi "*ng hardin*". Kaya, kung ang dalawang puno ay hindi mga natural na puno, ang pariralang "*sa gitna* (gitna, sentro) *ng hardin*" ay hindi tumutukoy sa literal at natural na Hardin ng Eden. Samakatuwid bagay, may antas ng kahangalan ng lingwahe (ang ikalawang kalahati ng Genesis 2:9) kapag ginawa itong literal. Gayunpaman, kapag inunawa ito bilang mga simbolo lamang, ang nakatagong katotohanan ay nalalahad. Ang dalawang punong ito ay dalawang batas na magkasalungat sa isa't isa. Ang "*puno ng buhay*" ay ang "*batas ng buhay*" na nagbibigay buhay at ang "*puno ng kaalaman ng mabuti at masama*" ay ang "*batas ng maling kaalaman*" na nagdudulot ng kamatayan (cf. Rom.8:2).



Lahat ng nilikha ng Diyos ay nilikha na may layunin. Katulad na ang bawat miyembro, bawat bahagi ng katawan ng tao ay may layunin. Ang *reproductive organ* ay matatagpuan sa gitnang (sentro) bahagi **ng katawan ng tao**, na isang "**hardin**" (sa pagkakatulad, cf. Awit 5:1; 6:2). Samakatuwid, ang doktrina ng Orihinal na Kasalanan ay walang kinalaman sa pagkain (pakikibahagi) ng bunga ng isang natural na puno (tinatawag na "puno ng kaalaman ng mabuti at masama") kundi ang pakikibahagi sa isang kaalaman kung saan ang katotohanan ng Diyos ay nahaluan ng kasinungalingan (ibig sabihin, masamang kaalaman). Ang totoong layunin ng reproductive organ ay nabaliko kumpara sa orihinal na kautusan ng Diyos na nagsasabi na sa panahong itinakda ng Diyos ang bawat uri ng nabubuhay ay dapat magbunga lamang ng kanyang uri (Eccl 3:1,2; Gen.2:24,25, 1:24). Sa makatuwid, ang serpente ay inakit ang babae sa balikung kaalaman na puro matamis at nakakaakit sa pandama. Siya ay dinala upang makaranas ng karnal na kaalaman sa serpente. Siya ay nalinlang. Kumain siya ng bunga nito. Ang "bunga" ng paglabag ni Eva laban sa kautusan ng Diyos ay si Cain, ang anak ng serpente (Gen.3:15; 1Jhn.3:12).

Relihiyosong Pag-iisip

Si PO ay mabilis na sinagot ako ng isang makasariling pahayag: **"Iminumungkahi mo na ang pakikibahagi sa puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay ang pakikibahagi sa maling kaalaman. Ngunit ang Gen. 3:22 ay nagsasabing "At sinabi ng PANGINOON, Ang tao ay naging tulad ng isa sa atin, alam ang mabuti at masama." Ibig sabihin ba nito ang Diyos ay may maling kaalaman? Maaari ko bang hilingin sa iyo na iwasto ito?"**

Ito ang uri ng makamundong pangangatwiran na talagang sumisira sa Katotohanan ng Diyos. Tulad ng maraming sariling-hirang na mga eksperto sa pagunawa sa Biblia, si PO ay walang resonableng pangangatwiran, isang balikong pagiisip na walang pang-unawa. Pinapaalala niya sa akin si Nicodemo na hindi man lang sinubukang unawaing mabuti ang mga salita ni Kristo tungkol sa "muling kapanganakan" bago siya nagtanong ng: *"Papaano maaaring ipanganak muli ang isang tao kung siya ay matanda na? Maaari ba siyang pumasok sa ikalawang pagkakataon sa sinapupunan ng kanyang ina at ipanganak muli?"* Hinalintulad ni Nicodemo ang "muling kapanganakan" sa muling pagbabalik sa sinapupunan ng kanyang ina. Inihalintulad ni PO ang karnal na kaalaman sa mabuti at masama na ibinigay kay Eba sa pamamagitan ng mahalay na gawa ng Serpente, doon sa walang Limitasyong Kaalaman ng Diyos sa mabuti at masama.

Kung ang *"Puno ng kaalaman ng Mabuti at Masama"* ay kabaliktaran ng *"Puno ng Buhay"*, ito ay magdadala ng Kamatayan sa sinumang makikibahagi nito sa pagsuway sa Diyos. Naniniwala dito si PO. Kung gayon, hindi ba ang pakikibahagi sa punong iyon ay sumasalungat sa kaalamang ipinagbawal ng Diyos sa mag-asawa na gawin? At hindi ba iyon isang katalampasanan? **Hindi ba ang pakikibahagi sa isang bagay na ipinagbabawal ay nagbibigay ng kaalaman tungkol sa bagay na iyon?** Hindi ba sinabi ng Diyos, *"Kayo ay tiyak na mamamatay"*? Gayunpaman, si Eba ay dinala upang matikman iyon at upang makita niya kung ito ay gayon. Walang alinlangang ang mga salita ng Serpente (sa Gen.3:4-5) ay puno ng kasinungalingan - isang kaalamang masama.

Ang kaalaman tungkol sa mabuti at masama ay hindi kasalanan. Ang Diyos mismo ay may ganitong kaalaman. Si Adan ay nagkaroon din ng kaalamang iyan dahil nilikha siya sa imahe ng Diyos, ngunit ang makibahagi nito sa pamamagitan ng paggawa nito ay siyang kasalanan. Alam nating lahat na ang sekswal na pagiisa ng isang lalaki at babae sa labas ng banal na pag-aasawa ay kasuklam-suklam. Ang ganitong kaalaman ay hindi magdudulot ng pagkakasala sa atin ngunit ang pagsagawa nito sa isang hindi mo naman asawa ay ang siyang kasalanan. Binubuksan nito ang mga mata ng isang makasalanan sa totoong kahulugan ng mga salita na **"upang maunawan"**.

Ang mga salita ni Satanas ay totoo sa ilang banda noong sabihin niya kay Eva (hindi kay Adan) na: *"Sapagka't nalalaman ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon, ang inyong mga mata ay mabubuksan, at kayo'y magiging mga dios (Heb: elohim) na alam ang mabuti at masama"*(Gen.3:5 cf.

Psa.8:5; 97:7; tingnan din ang Heb.1:6). At sa isang banayad na paraan ipinahayag ni Moises ang mga salita ng Diyos sa kaparaanang: "*At sinabi ng Panginoong Diyos, Narito, ang tao ay naging tulad natin, alam ang mabuti at masama...*" (Gen.3:22). Isipin ninyo ito.

Kasalanan, Pagsuway, Katampalasanan

Ito'y nagsasaad na ang lahi ng tao ay hindi dadami kung wala ang babae, at hindi lang kung sinong babae, kundi ang babaeng kinuha mula sa tadyang si Adan. Ang babae ay nagkasala. [Tandaan: Ang salitang "**kasalanan**" sa Hebreo at Griyego ay nangangahulugang "**paglampas sa marka**".] Tulad ng ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, malinaw na dapat gawin ni Adan kung ano ang tama sa kanyang kapasidad na tubusin ang kanyang asawa. Dahil siya ay nasa imahe ng Diyos, alam ni Adan kung anu ang tama. Nagpasiya siyang tumayo sa puwang bilang isang tagapamagitan sa pagitan ng Hukom na manlilikha at kay Eba. Mahal niya ang kanyang asawa. Upang tubusin siya muli, kinailangang panagutan ni Adan ang kanyang kasalanan at harapin ang paghatol ng Diyos sa kanya. Sa ganong paraan, nagdala siya ng kamatayan sa sangkatauhan.

Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol sa gawa ni Adan? "*Si Adan ay hindi nalinlang, ...*" (1 Tim. 2:14a). Pansinin na ang Salita ng Diyos, sa pamamagitan ni Pablo, ay hindi nagsasaad na si Adan ay nasa paglabag. Sinabi nito na hindi siya nalinlang. [Tandaan: Pwede ring isulat ni Pablo na "*si Adan ay hindi nalinlang ngunit siya ay nasa paglabag*." Ngunit hindi ito ang kanyang sinulat.] Ano ang dahilan? Inilagay ni Pablo ang **diin** sa **paglinlang** at ang **pagsalansang** ni **Eba**. Binibigyang-diin din niya ang katotohanang si Adan ay hindi nalinlang. Paano kaya na si Adan ay hindi nalinlang?

Ginawa ni Adan kung anu ang tama. Maluwag sa kalooban niyang pinili na tumayo sa pagitan ng Diyos at ng babae upang maging isang "tagapagligtas". Walang kasamaan sa kanyang pagkilos kumpara sa kay Abraham (Gen. 20:2), Isaac (Gen. 26:7), Jacob (Gen. 27:19, 20, 24), at yaong mga hindi gumagawa ng kalooban ng Diyos (Matt.7:21-23). Minsan sinabi ni PO sa akin na kung alam ni Adan kung ano ang ginagawa niya ito ay nangangahulugang sinadya niyang magkasala laban sa Diyos. Kung naiintindihan lamang sana niya. Ito ang isinulat ni Pablo sa Mga Taga Roma 5:12-17 tungkol sa "*pagsuway*" ni Adan:

"Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala - (Sapagka't ang kasalanan ay nasa sanglibutan hanggang sa dumating ang kautusan: nguni't hindi ibinibilang ang

*kasalanan kung walang kautusan. Bagaman ang kamatayan ay naghari mula kay Adam hanggang kay Moises, kahit doon sa **hindi nangagkasala man ng tulad sa pagsalangsang ni Adam, na siyang anyo niyaong darating. Datapuwa't gayon din ang kaloob na walang bayad ay hindi gaya ng pagsuway.** Sapagka't kung sa pagsuway ng isa ay nangamatay ang marami, lubha pang sumagana sa marami ang biyaya ng Dios, at ang kaloob dahil sa biyaya ng isang lalaking si Jesucristo. At ang kaloob ay hindi gaya ng nangyari sa pamamagitan ng isang nagkasala: sapagka't ang kahatulan ay dumating sa isa sa ipagdurusa, datapuwa't ang kaloob na walang bayad ay dumating sa maraming pagsuway sa ikaaaring ganap. Sapagka't kung, sa pagsuway ng isa, ay naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa; lubha pang magsisipaghari sa buhay ang nagsisitanggap ng kasaganaan ng biyaya at kaloob ng katuwiran sa pamamagitan ng isa, sa makatuwid baga'y si Jesucristo.)"*

Tunay, na ang tao, na isang direktang nilikha ng Diyos, ay hindi maaaring malinlang. Alam niyang isang paghuhukom ang naghihintay sa babaeng ibinigay sa kanya ng Diyos, tiyak na ang kamatayan nito. Kung hindi siya gagawa ng paraan ay mangangahulugang siya lang ang nag-iisang tao na mabubuhay sa lupa sa buong kawalang hanggan kasama ng mga hayop sa lupain, sa hangin at sa dagat. Gayunpaman, **alam ni Adan kung ano ang dapat niyang gawin** upang "**iligtas**" ang kanyang babae mula sa kanyang kasalanan. Bilang ang anak ng Diyos na nilikha sa imahe ng Diyos, alam niya na dapat siyang kumilos ayon sa mga salita ng Diyos (Gen. 2:18) at sa mapropetikong mga salitang ibinigkas niya (Gen. 2:23-24). At **kusang-loob** niyang ginawa ito. (Maliwanag, siya ay may pahayag na ang kanyang gagawin ay magdadala ng paghatol sa sangkatauhan.) Kaya nakiisa siya sa sa makasalananang kalagayan ng babae na nahulog dahil sa panlililalang ng Serpene. Siya ay gumawa ng kasamaan. Nais ni Adan na tubusin siya sa pamamagitan ng pagkuha ng kanyang kasalanan sa kanya. Ang ginawa ni Adan ay hindi isang ginustong gawa ng pagsuway katulad ng pagrerebelde laban sa Diyos na ipinapahiwatig ng aking kaibigan na si PO. Sa halip, ang kanyang ginawa ay ang kanyang pagpayag na kunin ang kasalanan ng kanyang asawa sa kanyang sarili.

Ang Tipo at Kasalungat sa Tipo

Sinabi ni Pablo na si Adan ay "*ang tipo Niyang darating*". O misteryo! Si Hesu-Cristo ay ang kasalungat na tipo (kabaligtaran) ni Adan. Ang ginawa ni Adan na **kusang-loob (hindi pinilit)** para sa kanyang minamahal ay mapanira; ang ginawa ni Hesus na **kusang loob (hindi pinilit)** para sa Kanyang Minamahal ay nagliligtas, nagbibigay buhay ito sa atin na sumasampalataya sa Kanya. Nakiisa si Hesus ang ating pagdurusa at kinuha ang ating mga pagsalansang at mga kasamaan sa Kalbaryo. Tama. Kung si Hesus Kristo ay hindi kusang pumupunta upang kunin ang ating mga kasalanan at ihain ang Kanyang buhay para sa atin, wala tayong buhay ngayon (cf. John 10:14-18). Payag si Hesus na mahatulan para maligtas tayo

- ang Kanyang Nobya, na naliligaw. Sinasabi rin ng Salita na "*Siya ay binilang sa mga makasalanang*" (Isa.53:12 Lucas 22:37). Hindi nais ng Diyos na mabilang si Hesus sa mga makasalanang kung ang "**pagkakasala**" ay hindi kasangkot. "*Sapagkat ginawa niya siyang kasalanang para sa atin, siya na hindi nakakilala ng kasalanang; upang maisagawa sa atin ang katuwiran ng Diyos.*" (2Cor.5: 21). Ginawa ng Diyos si Hesus na walang alam tungkol sa "**paglampas sa marka**" upang maging tulad na Siya ay "**lumampas sa marka**" para sa atin, upang sa Kanya ay maisagawa natin ang katuwiran ng Diyos. Kaya hindi nakakapagtakang nasaktan ang Ama noong makitang ang kasamaan ay inilagay na sa Kanyang Anak. (Basahin ang Isa. 1:13; Hab. 1:13.)

Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol sa gawa ng babae? "*... ngunit ang babae **na siyang nalinlang ay nasa paglabag***" (1Tim. 2:14b). Bilang isang nilalang na galing kay Adan, ang babae ay nahulog sa panlilinlang ng Serpente at literal na gumawa ng kasamaan laban sa kalooban ng Diyos, naging tagagawa ng masama, at nilabag ang kautusan. Ang pagkalinlang, maging sa pamamagitan ng sarili o sa pamamagitan ng iba, ay isang nakamamatay na kasangkapan na nagdadala sa pagsalansang laban sa Diyos. Ang hatol ng Diyos sa kanya ay isang sumpa sa kanyang sinapupunan (Gen. 3:16) dahil sa paggamit dito ng labag sa kautusan ng Diyos (Gen. 1:24).

Reserbang Tadyang

Naniniwala din ang aking kaibigang si PO na literal na hiniwa ng Diyos ang tagiliran ni Adan at kinuha ang isa sa mga tadyang nito at pagkatapos ay isinara ang kanyang bukas na sugat. Oo, maraming katulad niya ang naniniwala na ang Diyos ay kumuha ng isang **literal na tadyang** at may **lamang nakakabit** dito, siyempre, kung saan sa pamamagitan nito'y nilikha Niya ang isang babae para kay Adan. Ang talatang ginagamit upang suportahan ito ay Genesis 2:23:

"At sinabi ni Adan, Ito ngayon ay buto ng aking buto, at laman ng aking laman: siya'y tatawaging Babae, sapagka't siya'y galing sa lalaki."

Kaya, maraming mga Kristiyano ay naghinuha na si Eba ay nabuo mula sa isang tadyang ni Adam – **literal na tadyang**.

Ganito ba talaga ito? Kung ito ay literal, bakit ang mga lalaki ay may parehong bilang ng tadyang katulad sa mga babae? Madalas akong tanungin ng ganyang mga katanungan. . Upang ipilit na ang Diyos ay talagang gumamit ng isang tunay na tadyang, itinuturing ni PO na hinati ng Diyos ang gilid ni Adan, kumuha ng isang tadyang para likhain si Eba, at pagkatapos ay ipinanumbalik ang buong Adan nang walang anumang tadyang na nawawala. Samakatuwid, ang tao ay walang nawawalang tadyang (ngunit ang kanyang asawa ay sinasabing "**ang kanyang nawawalang tadyang**"). Hindi ba magiging mas mabuti at mas madali pang-isipin na malamang na si Adam ay nagkaroon ng ekstrang tadyang na ginamit ng Diyos kaysa sa isipin na kinuha ng Diyos ang isang tadyang at pagkatapos ay naipanutumbalik si Adan ang buo sa pamamagitan ng pagpapalit ng nawawalang tadyang?



Isaalang-alang: Ang paniniwalang si Eba ay ginawa sa pamamagitan ng isang literal na tadyang ni Adan ay tulad ng ikaw ay nainiwala na hindi siya ginawa mula sa alikabok gaya ni Adan. Kung gayon, ano ang ibig sabihin kapag sinabi ng isang lalaki sa kanyang asawa: "***Ikaw ang aking laman at buto; ikaw ang aking kalahati***"?

Marahil ang ilang mga matatalinong teologo ay nagteyorya na ang apat na nakalutang na mga tadyang sa kalansay ng tao ay ang mga binali ng Diyos upang buuin si Eba. Sa pagbubuo ng Babae upang maging perpektong sukat at taas para kay Adan, nabigo ang Diyos na makakuha ng tama sa Kanyang unang tatlong pagtatangka. Ang unang tadyang na binali ay masyadong mahaba, na gagawa sa Babae bilang mas mataas kaysa kay Adan; ang ikalawa naman ay masyadong maikli, na kung saan ay magiging masyadong mababa siya para kay Adan; at ang ikatlo ay may haba na gagawa sa kanya bilang may pantay na taas kay Adan. Ngunit ang ika-apat ay siyang tama lamang, na ginawa siyang katamtamang mababa kompara kay Adan.


Tumatawa ka ba? Bakit hindi ba dapat? Ang sinuman ay pwedeng makapag interpreta ng Bibliya ayon sa gusto niya. Yun ay totoo, hindi ba? Ang aking kaibigang si PO ay hindi nag-atubiling isumpa ang kanyang sarili sa kanyang interpretasyon ng "**Dalawang Puno**" noong sinabi niyang: "**Ako ay mabubulok sa impiyerno kung hindi ko paniniwalaang ang Puno ng Buhay at ang Puno ng Kaalaman ng Masama at Mabuti ay hindi LITERAL na mga Puno.**" Maaaring ipahayag niya rin ang parehong pahayag sa interpretasyon nya ng "**literal na tadyang**" sa paggawa ng Babae. Isang kahangalan ang pagpapakita ng ganitong makasariling saloobin ng pagpahamak sa sarili. Sa pamamagitan ng naturang deklarasyon ay binigyang-diin niya ang kanyang interpretasyon bilang ang katotohanan at walang iba kundi ang katotohanan, at handa siyang mapunta sa impiyerno kung ito ay mali. (Ang gayong pahayag ay karaniwan sa mga mangmang na tao. Ito ay tulad ng isang hangal na ateyista na gustong patunayan ang

kanyang paniniwala na nagsasabing, "**Walang Diyos, kung mayroong isang Diyos, hayaan Siyang bulagin Niya ako.**")



Isinaalang alang ba ng mga teyologo kung ano talaga ang sinabi ni Adan, nang sabihin niyang, "*Siya ay tatawaging Babae, dahil siya ay galing sa Lalaki*"? Ano ba talaga siya - na "*galing sa Lalaki*"? Totoo ba na ang babae ay isang literal na tadyang ng lalaki na kinuha mula sa tagiliran nito? O siya ba ay isang katangian ni Adan na kinuha ng Diyos at ginawang isang Nobya upang matugunan ang pangangailangan ni Adan? Isaalang-

alang ito nang mabuti. Anong misteryo sa ginawang iyon ng Diyos? Ano ang ipinapakita ng Diyos sa paggawa ng Babae Nang ilagay Niya sa malalim na pagkakatulog si Adan? Isaalang-alang kung ano ang kinuha ng Diyos mula sa tagiliran ng huling Adan (Hesu-Kristo) doon sa Bundok ng Kalbaryo upang gawing Nobya para kay Kristo matapos Niyang iHINGA ang Kanyang huling hininga at namatay? Maging matalino. Pag-isipan ang tipo at kasalungat na tipo sa pagitan ng dalawang Adan. Tandaan na tayo ay bahagi ni Kristo, buto ng Kanyang buto at laman ng Kanyang laman.



Pinagmulan ng Awtoridad

Pagdating sa katotohanan, si PO ay mabilis at palaging nagtatanong sakín kung saan galing ang awtoridad ko tuwing hindi niya matanggap ang Katotohanan. Ang kanyang karaniwang mga salita ay "**Iyan ay mga interpretasyon mo lamang**", at, siyempre, ang aking interpretasyon para sa kanya ay mali dahil ako ay isang "**balewalang tao**"; Wala akong teyolohikong titulo. Nais niya na ang pinagkukunan ng awtoridad ay isang kilala at bantog "na tao" - isang teyologo o isang seminarista. Napaka karnal! (Napakarami ng mga ganito sa mundo ng mga reliheyon. Ano kaya ang pinaniniwalaan niya dahil karamihan sa mga ito ay hindi magkasundo sa isa't isa? Walang dudang, ang tatanggapin lamang niya ay ang mga interpretasyon na sang-ayon sa kanyang interpretasyon; yaong mga interpretasyong hindi "**ay kanilang mga interpretations lamang**" sa halip yaong mga interpretasyon na katugma sa kanyang mga pananaw at para sa kanya ay "**Ito ang sabi ng Panginoon**".) Hindi maling ipagpalagay na noong Araw ng Pentecostes ay may roong ilang mga Hudyo na noong marinig ang mga salita ni Apostol Pedro ay nagbulung-bulungan sila sa kanilang sarili tungkol sa kung saan niya nakuha ang kanyang interpretasyon at kung sino ang kanyang tagapagturo o guro.

Ang paraan para maunawaan ang mga nakatagong katotohanan ng Diyos ay hindi maaaring sa pamamagitan ng gawa ng tao at sistema ng intelektwal na pag-aaral. Ang sinuman ay maaaring magpaliwanag, ngunit ang Diyos ang makakapagpahayag ng katotohanan. At kailangan itong dumaan sa paraan na itinalaga ng Diyos na walang iba kundi sa pamamagitan ng mga Apostol at Propeta.



Ang Salita ng Panginoon ay dumating sa Kanyang mga tao, sa Israel, sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod na mga propeta. Ang mga propetang ito ay pinahiran upang dalhin ang mga mensahe ng Diyos sa Kanyang mga anak at kahit pa ipahayag ang mga sekretong bagay ng Diyos (2 Kgs. 21: 10; Amos 3:7). Ang bawat propeta ay mayroon lamang Salita at Gawain ng Diyos sa kanilang kapanahunan. Tiyak na hindi nila alam ang lahat ng bagay. Hindi alam ni Jacob na buhay si Jose. Hindi alam ni Elias na ang Diyos ay mayroong 7000 iba pang mga propeta sa Israel (1 Mga Hari 19:18), at kinailangan ni Daniel na hanapin ang Diyos para sa isang pang-unawa hinggil sa mga propesiya ni Jeremias (Dan. 9, Jer. 29:10). Habang ang Diyos ay nakikitungo sa Kanyang mga lingkod na iyon, nasa Kanya ang kapangyarihan na ihayag sa kanila ang anumang bagay na nais Niyang malaman nila at itago sa kanila ang anumang bagay na hindi kailangan. Ito ay totoo pa rin sa ngayon sa mga Apostol at mga Propeta ng Diyos na ipinadala para sa Kanyang *Ekklesia*. Pagsinabing Apostol at Propeta ng Diyos, hindi ko ibig sabihin na mga mangangaral na sinanay at itinalaga ng mga organisasyon o kahit pa yaong mga naglilibot para itaguyod ang senswalismo.

Hindi Nagbabago sa Pagpabago-bago

Ang pinaka nakakainis ay kapag ang mga teyologo ay pabagobago sa kanilang mga interpretasyon sa mga magkakatulad na salita o parirala. Sila ay magbibigay ng isang baluktot na interpretasyon upang masuportahan lamang ang kanilang mga doktrina. Ang pinakakaraniwang pabagobagong pagpapakahulugan ng mga salita ay nakasentro sa pariralang "*sa simula*" ng Juan 1:1-2 laban sa parehong parirala sa Genesis 1:1.

Juan 1:1-2: Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Ito rin nang pasimula'y sumasa Diyos. "

Genesis 1: 1: "Sa simula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa."

Ang pariralang "*Sa Simula*" sa parehong mga talata ay magkapareho ba ng kahulugan? O may pagkakaiba sa kanila?

Sumasang-ayon ang bawat Kristiyano na ang langit at ang lupa ay nalikha noong ang Manlilikha ay nilikha sila. Ang Tagapaglikha ay isang walang hanggang Espiritu, ang natatanging **walang simula at walang**

katapusan. Siya lamang ang nananahan sa kawalang-hanggan. Wala ng iba, wala ng iba pang Diyos (walang ikalawa o ikatlong katauhan [ng Diyos]), maliban sa Kanya (Isa. 45: 5,6,18). Siya lamang ang nagplano sa Kanyang Sarili matapos ang pagplano sa Kanyang Sariling Kalooban. At pagkatapos ng pagplano sa Kanyang sarili para sa Kanyang Kalooban at Layunin, sinimulan Niya ang paglikha. Ang panahong iyon ay kilala bilang "*ang simula*".

Ngunit ayon sa aking kaibigang si PO at lahat ng mga Trinitaryan, pagdating daw sa sipi ng Juan 1:1-2, ang pariralang, "*sa simula*", ay may ganap na naiibang kahulugan. Sinabi ni PO:

"Pumunta ka sa salitang Griyego, pumunta ka sa internet at malalaman natin ang tunay na kahulugan. Ito iyon: "Bago pa magkaroon ng simula ang SALITA ay umiiral na." Bakit? Sapagkat ang Salita ay Diyos na walang pasimula. Ito ay kinumpirma ni Juan mismo. Sinasabi niya na ang Salita ng buhay ay ang buhay na walang hanggan, na kasama ng Ama! 1 Juan 1:1-2."



Anong klaseng pagsasalin nito? Ito ay isang mababaw na pagsalin ng Salita ng Diyos upang iinterpreta ang kapahayagan ni Juan.

Ang "**pumunta sa salitang Griyego**" ay mabuti. Hindi ko itinatangi iyon. Ngunit magsiyasat ka at tingnan mo kung mayroong pagkakaiba sa pagitan ng salitang "*simula*" at ng salitang "*kawalang-hanggan*".

"Pumunta sa internet", ito ay nakakatakot. Saan sa *World Wide Web* na matatagpuan ang Katotohanan? Ang W.W.W. ay isang sapot. Katulad ng ang mga gamugamo na hinihila sa liwanag ng kandila at nasusunog, gayon din ang mga hindi mapagmatyag na mga Kristiyano na nahihila ng maraming relihiyosong "kumukutitap na mga ilaw" sa W.W.W. patungo sa mga katha at mga kasinungalingan.

Alam ng mga estudyante ng Bibliya na hindi dapat kunin ang mga salita ng Kasulatan sa labas ng konteksto nito. Alam ni PO ang tungkol dito. Madalas niyang ipinaaalala sa akin ito na para bang ako ay walang kaalaman, gayunman, siya mismo ay hindi nagsasagawa ng kanyang sariling payo.

Ano ang ibig sabihin ng "*SA SIMULA ay ang Salita (Grk: Logos)?*" Ito ba talaga ay nangangahulugang **"BAGO MAGKAROON NG PASIMULA ang Salita ay umiiral na"**? Ang unawain ang "*SA SIMULA*" bilang "*BAGO MAGKAROON NG PASIMULA*", ang nag-umuunawa, kung sino man siya, ay kinukuha ang simpleng pahayag ng Diyos at binaluktot ito sa isang kasinungalingan. Ang maling pagkaunawa na ito ay karaniwang ginagamit ng mga Trinitaryan. Ginamit rin ito ni PO upang subukang iwasto ang aking

kapaphayagan ng doktrina ng Iisang Diyos. Ang mga Trinitaryan ay BINIGYANG KAHULUGAN ang salita ayon sa doktrina nila sa pagka-Diyos at itinanim ito sa puso ng mga tradisyunal na mga Kristiyanos.

Ang maniwala na "**bago nagkaroon ng simula ang SALITA ay umiiral na**" ay katulad sa maniwala na "**ang SALITA ay umiiral na bago pa nagkaroon ng simula**". Kaya "**ang SALITA ay walang pasimula**" at kung "**ang SALITA ay walang pasimula**" nangangahulugang ito na "**ang SALITA ay nasa WALANG HANGGAN**" o "**NASA WALANGHANGGANAN ang Salita**" (isang parirala na palaging ginagamit ng maraming bilang ng mga mangangaral).

Ang "**SA SIMULA ay ang Salita**" ay pwede bang iinterpretar bilang "**Nasa WALANG HANGGAN ang Salita**"? Pwede ba ang salitang **SIMULA** ay maitutulad sa salitang **WALANG HANGGAN**? Ang dalawang salitang ito ba ay pwedeng pagpalit-palitin? Ang mga mangmang at mga may pinag-aralang teyologo ay naniniwala dito. Ngunit sino ang mga teyologo ngayon na may lakas-loob na isiping sila ay higit na mataas at mas may malinaw na pang-unawa kaysa kay Apostol Juan? Si Juan ang pinakamamahal ni Kristo. Walang makakapagsabing hindi niya alam kung ano ang kanyang isinusulat, o kaya na hindi niya alam ang tamang salita na dapat gamitin. Siya ang pinahiran na manunulat, kaya't hindi ba siya ang mas nakakaalam kaysa sa mga teyologo ngayon?

Depektibong Pagtutumbas


Isaalang-alang ito: kung ang "*sa simula*" ay hindi "*isang tiyak na panahon ng pag-uumpisa o pagsisimula*" ngunit "*sa kawalang-hanggan*" o "*sa nakaraang kawalang-hanggan*", pwede nating basahin ang Genesis 1:1 sa ganitong paraan: "*Sa pagkawalang-hanggan nilikha ng Diyos ang mga langit at ang lupa*" o "**Bago nagkaroon ng pasimula, nilikha ng Diyos ang kalangitan at ang lupa**". Ngunit, may katuturan ba ito? Nag-isip ba ang sinuman na hindi alam ng Diyos ang mga salita, maging Hebreo o Griyego man, na noong sabihin Niyang "*sa pasimula*" iyon lang talaga ang Kanyang ibig sabihin?

Ang **SALITA** (Grk: **Logos**) ay ang pagpapahayag ng Dios ng kanyang pag-iisip o layunin. Noong nagsimula ang Diyos na ipahayag ang Kanyang Sarili, iyon ang kapanganakan ng *Logos*. Ang Salita ay may simula (cf. Prov. 8:22-23), at dahil ito ay lumabas mula sa Diyos, ang Walang Hanggang Espiritu, Na walang pasimula, ang **SALITANG** lumabas ay walang hanggan. Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang maaari nang baguhin ng sinuman ang mga salita sa pamamagitan ng pagtawag dito na **WALANG HANGGANG SALITA**. Maaaring nagtataka ka kung bakit hindi? Para maunawaan, tingnan ang halimbawang ito: May isang taong ipinanganak na muli at puno ng Espiritu, mayroon siyang buhay na walang hanggan. Bago ang kanyang muling kapanganakan ay wala siyang buhay na walang hanggan. Tanging ang Isang Tunay na Diyos lamang ang May Buhay na

Walang Hanggan. Kung gayon, hanggang sa ang tao ay ipinanganak sa Salita at Espiritu ng Diyos ay wala siyang buhay na walang hanggan. Ngayon, dahil lamang sa natanggap niya ang buhay na walang hanggan at ngayon ay anak siya ng Diyos hindi ito gumawa sa kanya bilang isang walang hanggang anak ng Diyos. Ang mga salitang "**walang hanggang anak**" ay salungat sa isa't isa. Walang isang "**walang hanggang anak**" o isang "**pinanganak na walang hanggan**". Ngunit iyan ang ginawa ng mga Trinitaryan; ginawa nila si Hesus Kristo bilang isang WALANG HANGGANG ANAK at tinatawag na ang DIYOS ANAK. Ang lahat ng tatlong salitang ito: **WALANG HANGGANG SALITA, WALANG HANGGANG ANAK** at **DIYOS ANAK** ay wala sa Kasulatan at ni hindi matatagpuan sa Biblia. Ito ay malinaw, sapagkat hindi maaaring salungatin ng Diyos ang Kanyang Sarili. Siya lamang ANG NAG IISANG may KAWALANG HANGGAN, walang pasimula at walang katapusan. Bukod sa Kanya na Banal at Makapangyarihang YHWH, lahat ng bagay na umiiral ay may simula, kahit pa ang Dagat-dagatang Apoy.

Ang SALITA ay **may** simula. Si Hesuskristo ay **may** simula. Siya ay tinatawag na Anak ng Diyos at hindi Diyos Anak. Upang ang isang nilikha ay magkaroon ng buhay na walang hanggan (walang wakas), dapat itong maitanim sa Buhay ng Nagiisang Walang Hanggan – si YHWH. **Tanging si YHWH ang May Buhay na Walang Hanggan at May kapangyarihan Siyang magbigay nito.**

Ang mga relihiyosong mga tradisyunal na mga Kristiyano ay madalas na hindi gumagamit nang simpleng sintido kumon sa pag-unawa sa Salita dahil mayroon na silang larawang nabuo sa kanilang kaisipan mula ito sa mga relihiyosong salita na ibinigay sa kanila ng mga tradisyunal na simbahan sa pamamagitan ng maling pangangatwiran. Ang isang larawan kapag nabuo at nagkaugat na sa isip ay mahirap nang burahin. Ang karaniwang maling pangangatuwiran ay ang pagtutumbas ng mga salita na may pandarayang ginagamit upang lumikha ng isang doktrina. Ang ilang pagtutumbas ay napakamaliwanag na mali ngunit maraming mga taong mangmang na tinatanggap lamang ito na parang isang simpleng pagtutumbas (o mga pormula) na itinuro sa paaralan tulad ng: kung ang A ay katumbas ng B at ang B ay katumbas ng C, samakatuwid ang A ay katumbas ng C. Ang pagtutumbas o pormula na ginagamit upang malutas ang isang Matimatikong problema ay hindi maaaring gamitin para malutas ang misteryo ng Bibliya. Ito ay kamangmangan. Ganun din sa paksa ng Siyensya tulad ng: kung ang tubig ay H₂O at ang yelo ay H₂O din, samakatuwid ang tubig ay yelo. Totoo ba ito? Kahit magkapareho itong H₂O ang mga ito ay magkaibang estado ng bagay, isipin ito. At tiyak na hindi natin maihalalintulad ang isang pusa sa isang aso kahit sila ay parehong mga hayop, dahil ang pusa ay tiyak na hindi isang aso. Gayunpaman, ang ganitong pamamaraan ay ginagamit sa ilang mga tradisyonal na mga doktrina bukod sa mga nauna ng tinalakay at sa isang partikular na doktrina ng Simbahang Romano Katoliko - ang doktrina



ng Maryolohiya. Ang Romano Katoliko ay nanalangin kay Maria at sumasamba sa kanya. Pinagtatangol nila siya sa batayan na siya ang "Ina ng Diyos". Gayunpaman, wala sa Kasulatan na tinatawag si Maria na "**Ina ng Diyos**". Siya ay tinatawag na "*ina ni Hesus*" (cf. Juan 2:1,3; 19:25-26; Mga Gawa 1:14). Ang mga Romano Katoliko ay nangangatuwiran na kung si Maria ang ina ni Hesus, at si Hesus ay Diyos, sa gayon siya ang ina ng Diyos. Simpleng paghahalintulad – marahil paghahalintulad ng Hermeneutiko! Pero diba nga ang mga teyologo din ang gumawa na unawain ang Bibliya bilang isang agham o isang sining at may sarili din silang patutumbas at pormula. Tiyak nga dahil kinuha nila ang pariralang "*sa pasimula*" at hinalintulad ito sa "*kawalang-hanggan*" o "*bago nagkaroon ng simula*", at kinuha din nila ang salitang "Ang Salita" at hinalintulad ito kay **Hesus**, na malinaw na pag salungat sa pahayag na "*ang Salita ay Diyos*". Ang "**Salita**" ay **hindi** si Hesus kundi ang "**Salitang ito ng Buhay** na Siyang Diyos ay nahayag sa laman ni Hesus Kristo (cf. Juan 1:14; 1 Juan 1:1-3; 2Cor.5:19; 1 Tim. 3:16).

Ang Buhay na Ibinigay kay Hesus

Ang isang kaisipan (o ang pagninilaynilay ng isang kaisipan, Grk: noema) ay isang **SALITANG hindi pa napapahayag**. Ang Diyos na walang hanggan ay may hindi pa nahahayag na salita sa Kanyang **Isip** (Grk: *nous*). Hanggang sa ang salitang iyon ay maipahayag (Grk: *logos*), mananatili ito sa Kanya bilang *noema* at hindi *logos*. Sa sandaling ito ay lumabas, ito ay magiging isang **NAIPAHAYAG NA PAG-IISIP/SALITA** (Grk: *LOGOS*). Ang LOGOS ay dumating sa araw ng Kanyang simula upang ihayag ng Diyos mismo.

Obserbahan ito nang mabuti. Ipinahayag ni Apostol Juan na "*ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos... Sa kaniya ay buhay; at ang buhay ay ang liwanag ng mga tao*" (Juan 1:2,4). **ANG SALITA** na nagmula sa Diyos **AY ANG BUHAY**. Ang Buhay na Walang Hanggan ay nasa Diyos, ang ating Ama sa Langit (cf. 1 Juan 1:1-2). Ang Buhay ng SALITA ay ang liwanag ng mga tao. Hindi ibinigay ang buhay sa Kanya. Siya ay ang Buhay Mismo. Gayunpaman, hindi ganito si Hesus na nagsabi,

"Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili; kaya't ibinigay niya sa kanyang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili." - Juan 5:26

Si Hesus ay **walang BUHAY** sa Kanyang Sarili. Ang Diyos Ama ang nagbigay sa Kanya ng kapangyarihan upang magkaroon ng BUHAY sa Kanyang Sarili. Oo, si Hesus ay BINIGYAN ng kapangyarihan ng BUHAY, ang LIWANAG NG BUHAY, ang SALITA nang BUHAY. Samakatuwid, maliwanag na **ANG SALITA ay Diyos; ANG SALITA ay hindi si Hesus**. Ngunit si Hesus ay ANG SALITA na ipinahayag (tulad ng idineklara ni Apostol Juan sa 1 Juan 1:1-3). Siya ang kapahayagan ng Isang Tunay na Diyos. Ang Liwanag ng Buhay ay dumating sa mundo na nakay Hesu-Kristo. Iyan ang dahilan kung bakit naipahayag si Hesus:


"Ako ang ilaw ng sanlibutan: siya na sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng liwanag ng buhay." - Juan 8:12

Mahirap ba unawain ang pahayag na nabanggit sa itaas? Ang pagpapaliwanag ba ay mali? Kung unawain ang SALITA bilang si Hesus at Siya ay kasama na ng Diyos doon sa walang hanggang nakaraan at Siya ay kapantay ng Diyos ay mangangahulugan lang na Siya ay may Buhay sa Kanyang Sarili. Ang gayong pang-unawa ay gagawing sinungaling si Apostol Juan sapagkat sinabi niya na ang Diyos ay binigyan ng buhay si Hesu-Cristo. **Hindi sinabi** ni Juan na "Kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili; ang Anak din ay may buhay sa kanyang sarili".

Ang Anak ay walang buhay sa Kanyang Sarili. Ibinigay ito ng Ama sa Kanya. At iyon ang Katotohanan ng Bibliya.

Edad ng Daigdig

Naniniwala ang marami na ang mga *fossils* ay nilikha ng Baha noong sirain ng Diyos ang lahat ng buhay sa lupa at iniligtas lamang si Noe, ang kanyang pamilya at ang mga hayop sa arka. Ang mga *fossil* ba talaga ay ang



mga labi ng mga nilalang sa panahon ni Noe bago ang baha? Ang mga *dinosaurs* ba ay nilikha noong mga araw ni Adan? Sila ba ay nasa arka ni Noe? Ang aking kaibigang si PO ay naniniwala dito pagkatapos niyang mabasa ang isang libro na nagteorya na ang daigdig ay isang "**batang daigdig**" na nasa 6000

taong gulang pa lang. Gayunpaman, bakit namatay ang mga *dinosaurs* matapos nilang lisanin ang arka papunta sa tuyong lupa? Ang teorya ay dahil daw hindi sapat ang pagkain para sa lahat ng mga hayop at samakatuwid ang mga *dinosaurs* ang unang namatay. Ang ganitong sagot ay kahangalan; hindi ito maaaring makahawak ng tubig. Hindi lahat ng mga *dinosaurs* ay malalaki. Ang ilan ay maliliit katulad sa pabo ngunit gayonpaman bakit ang ibang malalaking mga hayop tulad ng mga elepante, hipopotamus at mga rinoceros ay nakaligtas? Talagang itong teorya ay kakaiba na ang Diyos ay iniligtas ang lahat ng mga uri ng *dinosaurs* sa pamamagitan ng pagpasakay sa kanila sa arka para patayin lamang pagkatapos nilang lumabas sa arka dahil hindi Niya sila kayang bigyan nang sapat na pagkain pagkatapos ng Baha.

Ang lahat ng mga hayop "*na ang mga butas ng ilong ay may hininga ng buhay*" na wala sa arka ay namatay sa panahon ng Baha. Ngunit papaanong ang ilang mga nilalang sa dagat na hindi humihinga sa ilong ay hindi rin nakaligtas sa baha at namatay din? Talaga bang sila ay namatay sa panahon ng Baha at naging fossilized{labi}? Ang isang halimbawa ng nilalang sa tubig ay ang **trilobite**.



Ang hindi pagtanggap na may **agwat ng oras** sa pagitan ng Genesis 1:1 at 1:2 ay ang hindi rin pagkakita ng katotohanan hinggil sa ilang mga nakatagong lihim. Ang agwat sa pagitan ng dalawang bersikulong ito ay sumasaklaw sa isang mahabang panahon. Kailan at kung gaano katagal nilikha at hinugis ang daigdig ay tiyak na hindi natin masasabi. Iyon ay isang panahon na hindi para sa sangkatauhan. At tiyak na ang mundo ay nilikha upang matirhan (Isa. 45:18).



Gayunpaman, nangyari ang isang bagay na naging sanhi ng kaguluhan at pagkasira ng lupa. Ano ito? Ang sagot ay ang **Pagbagsak ni Luciper**.

Ang lupa sa mga araw ni Luciper ay puno ng mga *dinosaurs* at mga nilalang na kahawig ng tao. Si Luciper at ang lahat ng mga anghel ay nilagay sa lupa at sinubok. Hindi sila sinubok sa langit, at yaong mga nahulog ay ibinagsak sa lupa. Ang Langit ay trono at tirahan ng Diyos at ang lupa ay ang kanyang tuntungan at lugar kung saan Siya gumagawa. Hindi maaaring magkarron ng lugar ang kasalanan sa Langit ng Diyos. Ang Job 1:6 at 2:1 ay ang dalawang talata ng Banal na Kasulatan na hindi wastong binigyang-kahulugan ng lahat ng mga teyologo (sa pagkakaalam ko) na mga kaganapang naganap daw sa Langit at ang "*mga anak ng Diyos*" bilang sila ang mga anghel at si Satanas ay dumating din sa presensiya ng Diyos. Ngunit ang katotohanan ay ang mga pangyayaring iyon ay naganap sa lupa at ang "*mga anak ng Diyos*" doon ay hindi mga anghel (maging mga banal na anghel o mga nagkasalang anghel) kundi sila ay ang mga mananamba ng Diyos sa mga araw ni Job. Bukod dito, ang terminong "*mga anak ng Diyos*" ay nangangalugan ng relasyon sa "*Ama*" at ang kakayahang magka anak (at maging isang ama din). Ang mga anghel ay mga tagapaglingkod, hindi sila mga anak, at wala silang kakayahang makapanganak. (Upang ipilit ang kanilang teorya na ang mga anghel ay maaaring makapagpanganak, ang ilang mga teyologo ay binanggit ang Jude 1:6.) Sa gayong pagtitipon ng mga mananamba ay pumasok si Satanas at sa pamamagitan ng isa o higit pa sa kanila ay inakusahan si Job.

Si Lucifer ay may sariling "**Hardin ng Eden**" at tiyak na hindi ito kapareho o katulad sa ibinigay ng Diyos kay Adan base sa mga salita sa Ezekiel 28:13-15. Si Lucifer ay nahulog mula sa kanyang kalagayan, ang kanyang makalangit na posisyon, bilang isang dakilang arkangel ng Diyos nang hinangad niyang umakyat sa langit at ilagay ang kanyang sarili sa isang posisyon sa itaas ng lahat ng mga anghel na nilalang, na siya ay maging



katulad ng Diyos. (Pansinin: kung hinahangad niyang umakyat sa langit, hindi siya maaaring nasa langit, at tiyak na hindi siya maaaring bumagsak mula sa langit ng Diyos.) Ang kanyang pagbagkas sa lupa na hinatol ng Diyos ay naging dahilan upang siya ay magrebelde. Siya ay naging si Satanas, ang kalaban ng Diyos. Sa pagkakaroon ng ugaling mamamatay siya ay lumaban sa Diyos sa pamamagitan ng pagpasok sa espiritu ng ilang mga malalaking hayop na nagdulot sa kanila na patayin ang isa't isa. Oo, si Satanas ay isang **mamamatay mula pa sa simula** (Juan 8:44) at hindi lamang noong pinatay ni Cain si Abel sa mga araw pagkatapos Mahulog ang Sangkatauhan.

Sa pagkawasak ng mga buhay ay kasama din ang pagkawasak ng kapaligiran, ang hangin ay napinsala ng mga naaagnas ng mga hayop at mga halaman. Kinailangan ihinto ito ng Diyos at pagyelohin ang lupa sa pamamagitan ng pagpapadilim sa araw. Ang ilang mga hayop ay nagyelo na may pagkain pa sa kanilang bibig. Habang ang lupa ay naiwan sa ganoong kaguluhan sa isang napakahabang panahon, ang paggalaw at ang presyon ng yelo at ng lupa ay naging sanhi ng maraming mga puno at mga halaman upang manigas at marami sa mga bangkay ng iba't ibang mga nilalang sa hangin, lupa at dagat, malaki at maliit, ay naging *fossilized o labi*. Ang sa tubig na mga *trilobites* ay naging *fossil* sa magulo at nasayang na estado ng lupa at hindi sa panahon ng Baha noong araw ni Noe.

Pantasya, Imahinasyon, Reyalidad


May mga tao na nabibighani sa Biblia dahil sa kasaysayan nito; ang pinakalumang manuskrito (ang Aklat ni Job) mula pa noong mga 1500 BC. Ang mga manunulat ng katha at mga gumagawa ng pelikula ay nagbigay rin sa Bibliya ng kani-kanilang sariling mga interpretasyon. Ang mga pelikula ni Steven Spielberg na Indiana Jones - "**Raiders of the Lost Ark**" at "**The Last Crusade**" - ay inunawang ang Kaban ng Tipan at ang Kopa (na ginamit sa Huling Hapunan ni Cristo) ay nagtataglay ng hindi pangkaraniwang kapangyarihan. Talaga bang ang Kaban ng Tipan at ang Kopa ng "Komunyon" ay talagang nagtataglay ng hindi pangkaraniwang kapangyarihan?

Ang mga relihiyosong tao ay nagkakaroon ng paniniwala na ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa DIYOS ay sagrado at sa gayon ay nagtataglay ng hindi pangkaraniwang kapangyarihan. Kahit na ang mga Apostol ni Kristo ay sinamba at ginawang katulad ng Diyos.

Bagamang pinasagrado ng Diyos ang ilang mga bagay sa pagsamba doon sa templo, wala sa kanila ang nagtataglay ng hindi pangkaraniwang kapangyarihan sa kanilang sarili. Kung mayroon mang hindi pangkaraniwang kapangyarihan, ito ay nasa kamay ng Diyos, hindi sa mga bagay na nakikita. Isaalang alang itong nangyari noon sa mga araw na ang Israel ay naglalakbay sa disyerto dahil sa kanilang kawalan ng pananampalataya. Isang araw, ang Diyos ay nagpadala ng nagniningas na mga ahas sa kanilang kampo:

"At ang Panginoon ay nagpadala ng mga nagniningas na ahas sa mga tao, at kanilang kinagat ang mga tao; at maraming mga tao ng Israel ang namatay. Kaya't ang mga tao ay nagtungo kay Moises, at nagsabi, Kami ay nagkasala, sapagka't kami ay nagsalita laban sa Panginoon, at laban sa iyo; manalangin ka sa Panginoon, na alisin niya ang mga ahas mula sa amin. At si Moises ay nanalangin para sa mga tao. At sinabi ng Panginoon kay Moises, Gumawa ka ng isang ahas na nagniningas, at itaas mo sa isang poste: at mangyayari, na ang bawa't makagat, pagka siya'y tumingin dito siya ay mabubuhay. At gumawa si Moises ng isang ahas na tanso, at inilagay ito sa isang poste, at nangyari, na kung ang isang ahas ay makakagat ang sinumang tao, at makita niya ang ahas na tanso, ay mabubuhay siya." (Bil. 21:6-9)

Ngayon, ang tansong ahas ba sa poste ay naglalaman ng hindi pangkaraniwang kapangyarihan? Kung mayroon itong hindi pangkaraniwang kapangyarihan, at isang sagradong bagay na dapat itago, bakit si Haring Hezekias ay hindi nagpakita ng paggalang dito? Hindi ba dapat igalang niya ito sa pamamagitan ng pagtago nito palayo doon sa mga sumamba dito kaysa sa wasakin nya ito ng pirapipirasos? (cf. 2 Kgs. 18:1-6). Isang bagay ang sigurado, kung walang rekord ang Bibliya sa pagkasira ng "Nehushtan" ni Haring Hezekiah, hindi ako masusurpresa na, katulad ng mga Hudyo na sinasamba ito, magkakaroon ng mga Kristiyano na maniniwala na ang bagay ay sagrado at nagtataglay ng hindi pangkaraniwang kapangyarihan.



Ang lahat ng mga itinuturing na relihiyosong pinasagradong mga bagay at istruktura na idinisenyo at ginawa ng Panginoon ay ginawa para ilarawan ang Buhay at Ministeryo ni Kristo at ng Kanyang Katawan ng mga Tinubos.

Ang Haligi ng Apoy, Ang Haligi ng Ulap

Ang "*The Ten Commandments*" ni Cecil B. DeMille ay isang kamangha-manghang pelikula. Ang maraming mga *special effects* nito ay nagdulot sa maraming mga Kristiyano na maniwala sa kanyang interpretasyon ng iba't ibang mga hindi pangkaraniwang pangyayari bilang tama at tinanggap nila ang mga ito ayon sa kanilang nakita sa pelikula. Tungkol sa Haligi ng Apoy at Haligi ng Ulap, nakakaaliw tingnan kung papaanong ang mga mambabasa ng Biblia ay inunawa ang mga ito bilang nagpapalit-palitan kada 12 oras sa araw at sa gabi nitong pagpapakita sa buong 40 na taong paglilibot sa disyerto ng mga taga Israel. Ang karamihan ng mga Kristiyano ay nagbabasa ng Biblia na para bang nagbabasa sila ng isang libro ng mga kuwento na walang paggalang sa ilang mga partikular na pananalita na isinulat ng Espiritu.

Ang Kasulatan ay isinulat ng Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng mga banal na tao ng Diyos sa isang wika na mula sa Diyos, bagaman nakasulat sa Aramaiko, Hebreo at Griyego. Ang mga ekspresyon ay ang linggwahe ng Espiritu sa Hebraic na kultura. Hindi ito tungkol sa mga semantika. Ito ang linggwahe ng Diyos, isang pagpapahayag upang ihatid ang Kanyang KATOTOHANAN. Kaugnay sa pagsasalin ng Torah sa Griyego, sinabi ni Rabbi YehudahPrero:

"Ang pagsasalin ng Torah sa Griyego ay naging sanhi ng pinsala na hindi na mapananauli. Ang Torah ay ibinigay sa atin sa isang linggwahe at isang linggwahe lamang. Ang mga pananahinari, kapitagan, at ang mga implikasyon ng mga tiyak na piniling salita ay nawala sa pagsasalin. Ang "70 tapyas ng Torah" na isinulat ng aming mga Pantas ay hindi madaling makita o makuha mula sa pagsasalin. Sa karagdagan, kapag isinalin ang isang tao, pinipilit ang nagsasalin na pumili ng isang tiyak na interpretasyon na sa tingin niyang pinakamahusay na pinapahayag ang kahulugan ng orihinal na mga salita. Ang kaparehong kahulugan o interpretasyon ay nabalewala. Sa ganitong aspeto ng pagsasalin ng Torah na pinakamapangpinsala}. Nagbibigay ito ng lisensya sa mga tao na ipaliwanag ang Torah ayon sa tingin nilang nararapat na interpretasyon, at binalewala ang iba pang may kaugnayan at angkop ding mga kahulugan na nagmula rin sa Sinai. Ang mga turo ng mga Pantas ay binabalewala, at ang mga banal na mga salita ng Torah ay napinsala. Para sa kadahilanang ito, ang isang pagayuno ay pinahihintulutan."

(The Tenth of Teves - Isang Pagayuno para sa Torah, YomTov, vol. II # 25)


Gaano katotoo na maraming mga "**pananahinari, pagiging simple, at ang mga implikasyon ng mga tiyak na piniling salita ay nawala sa pagsasalin**". May kabiguang makita na hindi lahat ng mga salitang Hebreo

(gayundin ang lahat ng mga salitang Griyego sa Bagong Tipan) na isinalin sa wikang Ingles o anumang iba pang wika ay maaaring ganap na ihatid ang eksaktong mga pananalita na nilayon ng Diyos. Kaya nga ang literal na maniwala na sa loob ng mga 40 na taon, ang tanging nakita lamang ng mga natural na mga mata ng Israel ay ang isang Haliging Apoy tuwing gabi sa ibabaw ng Tabernakulo ni Moises at isang literal na Haligi ng Ulap tuwing umaga, ay sinasalungat ang tanong na itinanong ng mga anak ni Israel kay Moises noong tuksuhin nila ang Panginoon na nagsabing "*Ang PANGINOON ba ay nasa atin talaga, o hindi?*" (Exodo 17:7). Naniniwala si PO na nawala lamang ang pananampalataya ng mga Israelita tulad ng mga nangyayari sa maraming mga Kristiyano.

Ang paniniwala na ang Apoy at Ulap ay nakikita ng natural na mga mata ng lahat ng mga Israelita tuwing gabi at araw ay nakuha mula sa mga talata tulad ng isang ito:

"Sapagka't ang ulap ng Panginoon ay nasa ibabaw ng tabernakulo sa araw, at ang apoy ay nandoon sa gabi, sa paningin ng buong sangbahayan ng Israel, sa lahat ng kanilang mga paglalakbay." - Exodo. 40:38 [Tanadaan: Ang Haligi ng Ulap ba ay lumitaw din sa gabi kasama ng Haligi ng Apoy? Num. 9: 15,21.]

Hayaang tanungin ko ang lahat ng mga sinserong ipinanganak na muling mga Kristiyano ng tanong na ito: mawawala ba ang iyong pananampalataya sa Diyos kung mayroong Haligi ng Apoy na literal na lumililim sa inyong simbahan na ganap na nakikita ng bawat dumadalo tuwing Linggo, 52 na Linggo sa isang taon, at kada taon? Ikaw ba o sinuman sa kongregasyon na nakakakita sa Haliging Apoy tuwing Linggo, ay may kahangalan na magtatanong sa pastor ng, "*Ang Diyos ba ay nasa atin talaga o hindi?*"?



Buveno, sa di-tiyak na mga termino sinabi ng aking kaibigang si PO na pwedeng mangyari sa kanya, na kahit na nakikita niya ang Haliging Apoy at ang Haligi ng Ulap sa araw at gabi sa loob ng maraming taon. Paanong ang isang tao na nakaharap ang presensya ng Diyos sa araw-araw sa pamamagitan ng hindi pangkaraniwang Apoy at Ulap ay magtatanong pa rin ng "*Ang Diyos ba ay nasa atin talaga o hindi?*" Marahil isa sa isang milyon ay pwede. Ngunit ang kabuuhan, kung hindi man ay sabihin na nating ang kalahati ng Israel (mula sa tantyang 2-4 milyon na mga lumabas) upang tanungin si Moises habang ang Apoy at Ulap ay araw-araw sa kanilang kalagitnaan ay labis na di-kapani-paniwala. Tandaan, ang Israel ay hindi lamang nakaranas ng mahimalang mga rasyon ng pagkain at tubig doon sa ilang ngunit pinaniniwalaan din na nakikita nila ang hindi pangkaraniwang mga pangyayari sa kanilang mga mata araw at gabi, sa napakaraming taon. Gaanong katawa-tawa at kamangmangan ang mga ito

para kay Moises noong ang mga Israelitang iyon ay pumunta sa kanya at nagtanong- "*Ang Diyos ba ay nasa atin talaga o hindi?*" - hindi ba? Ang gagawin lang ni Moises ay ituturo ang Haliging Apoy o Ulap at itataas ang Okanyang boses at may **katatagan, lakas at malinaw** na sasabihing: "**Ano itong nakikita nyo?! Hindi ba iyan ang PRESENSYA ng Diyos sa atin?! Hindi ba siya narito sa HARAP MISMO NG INYONG MGA MATA?!!! O KAYO BA AY MGA BULAG?!!!!**" Pero hindi niya ito ginawa, at bakit kaya hindi?

Mga minamahal, ang ating Pananampalataya ay hindi nakabatay sa PANINGIN ng ating natural na mga mata o sa anumang iba pang mga pandama. Nararamdaman at nakikita ng isang espirituwal na tao ang PRESENSYA ng Diyos; nakikita ang Kanyang mukha pero hindi isang LITERAL na MUKHA; nakikita ang Kanyang kaluwalhatian ngunit hindi

Wow!

It's awesome!



isang LITERAL na HINDI PANGKARANIWANG HALIGI NG APOY O ULAP. Kung mayroon kang isang LITERAL na HINDI PANGKARANIWANG HALIGI NG APOY o ng ULAP na **maaaring mong makita araw-araw,**

magagarantiya ko sa iyo na - 1) gugugulin mo ang iyong oras na nakatingin doon, araw at gabi; 2) Ikaw ay tiyak na may kasiguraduhan dahil ang Diyos ay kasama mo; 3) hindi ka magkakaroon ng TAKOT sapagkat ang KANIYANG PRESENSYA ay tumititig sayo kung saan mo rin Siya nakikita. Hindi ba tama ako?

Ang pananampalataya ay dumarating sa pamamagitan ng pakikinig sa Salita - ang kapahayagan ng Salita (cf. Rom.10:17). Ang pananampalataya ay hindi kailangan kung nakikita natin sa ating natural na mga mata ang araw-araw na hindi pangkaraniwang apoy. Ang Diyos ng Israel ay si *YHWH*. Siya ay makapangyarihan. Siya ay isang manggagamot ngunit hindi kinakailangang pagalingin LAHAT upang patunayan na Siya ay isang Manggagamot. Gumagawa Siya ng mga hindi pangkaraniwang mga bagay ngunit hindi Niya kinakailangang ipakita ito sa LAHAT ng oras upang patunayan ang Kanyang Sarili.

Muli, bakit natakot pa rin ang mga anak ni Israel gayong si *YHWH* ay nasa Apoy at Ulap na nakikita nila sa araw-araw? Bakit? Hindi ba ang Haligi ng Apoy ang nanguna sa kanila sa daan at hinarangan pa nga nito ang hukbo ng Ehipto sa pagsulong sa kanila? Papaanong nawawalan sila lagi ng pananampalataya dahil lang sa mga pagsubok? Bukod pa dito, isaalang-alang din ang mga kaaway sa kanilang paligid, hindi rin ba nila nakikita ang Haliging Apoy sa gabi at ang Haligi ng Ulap sa umaga? Ngayon isaalang-alang ito: sasaktan kaya nila ang Israel kung nakita nila na ang isang hindi pangkaraniwang Diyos ay kasama ng Israel, isang Diyos na ang presensya

ay MALINAW NA NAKIKITA sa araw at gabi? Isa pa, hindi kaya marami sa mga Hentil ang pupunta sa kampo ng Israel upang sabihing, **"Nais naming sambahin ang Diyos ninyong ito na nakikita bilang Apoy sa gabi at bilang Ulap sa umaga na tanaw pa rin namin kahit milya-milya ang layo. Mangyaring tuliin din ninyo kami. Hayaan ninyo kaming magbago ng paniniwala."** Hindi ba? Tingnan ang sitwasyon panahon ngayon; kapag ang mga tanda, mga kamanghamangha at mga himala ay nagaganap, ang mga tao ay nagmamadali na magbago ng kanilang pananampalataya tungo sa pananampalatayang Kristiyano.



Bukod pa rito, kung ang Apoy at Ulap ay literal na nakikita araw-araw sa kanilang ilang taong paglalakbay sa ilang, ang mga anak ni Israel dapat sinamba na ang dalawang **haligi ng mga elemento**, sapagkat sila ang mga taong madaling mapasamba sa mga idolo. Masyado nilang sinasamba ang mga idolo. Katulad ng mga bansang Hentil sa kanilang paligid, gusto din nila ng isang Diyos na makikita nila –

gamit ang natural nilang mga mata. Hindi lamang sila nagbago para sambahin ang gintong guya na ginawa ni Aaron na resulta ng kanilang pamimilit habang si Moises ay nasa Bundok ng Sinai, ngunit pati na rin si Baalim at Astaroth at ang tansong serpente na ginawa ni Moises (cf. Exod. 32:1-4; Num. 25:3; Jdg. 2:11-13; 2 Kgs. 18:4). Ang Israel, sa kabuuan, ay ipinangaral sa kanila ang Salita "ngunit ang salitang ipinangaral ay walang pakinabang sa kanila, hindi sinasamahan ng pananampalataya sa mga nakarinig nito" (Heb. 4:2).

Salaysay ni Moises

Iniuulat ni Moises ang pag-alis, ang paglalakbay patungo sa Lupang Pangako, at ang paglilibot ng Israel sa ilang mula sa kanyang makapropetikong posisyon. Kung ang isang tao ay hindi nakakaintindi ng mga sulat ng propeta, hindi niya **tamang mahahati-hati** ang mga salitang iyon, at kung paano ito ipinahayag. Madalas binabanggit ni Moses ang Apoy at Ulap (hal. Exodo 13:21-22; Num. 9:15-23). Ang nakita niya, bilang isang propeta ng Diyos, ay hindi nangangahulugang nakita din ng lahat ng Israelita. Si Moises ay hindi lamang isang propeta o isang mensahero, siya ay isang **NAKAKITA (SEER)**. Ang mga propetang tulad ni Elias, Eliseo, Daniel, Isaias at marami pang iba na may kalibre katulas ni Moises ay tunay na mga nakakakita (seer) (cf. 1 Sam. 9:9). Silang mga nakakakita ay nakakakita ng mga pangitain at nauunawaan nila ang mga sobrenatural (hal. 2 Kgs. 6:15-17). Kaya nga, bilang isang nakakakita at nabubuhay sa isang espirituwal at propetikong kalagayan, nakakakita si Moises ng mga pangitain, naintindihan at natanto ang mga hindi karaniwan. At isinulat niya ang mga ito nang naaayon sa nakita niya.

Ang Exodo 40:38 ay isang bersekulo na maraming mga mambabasa ng Biblia ang naniniwala na ang lahat ng Israelita ay nakita ang Apoy at Ulap gamit ang kanilang natural na mga mata dahil sa pariralang "*sa paningin ng buong sambahayan ng Israel*". Ang salitang "*paningin*" ay "**ayin**" sa Hebreo, at sa KJV Bible ay isinalin lamang bilang "**mata**" at "**paningin**", mga salitang ginamit upang ipinahayag ang literal o pasimbolo. Sa paghahalintulad ito ay isang "**bukal**" (tulad ng "**mata**" ng tanawin) at isinalin din sa maraming pang ibang mga salita tulad ng "**balon,**" "**presensya,**" "**mukha,**" "**kulay,**" "**kaalaman,**" "**tila,**" "**panlabas na anyo**". Ang mga salitang "*sa iyong paningin*" ay lumitaw nang 200 na beses sa Lumang Tipan. Kung hindi natin maintindihan ang paggamit ng pariralang ito at inintidi ito ng literal na (gaya ng sa Exodo 40:38) kung gayon ang isang halimbawang ito ay talagang isang kamangmangan, na ang bawat pares ng mga mata ng mga Israelita (mga 3 milyong sa kanila, mula sa lupain ni Dan sa hilaga hanggang sa Beersheba sa timog at mula sa baybayin na rehiyon sa kanluran patungo sa lupain na humahawak sa hangganan ng mga Ammonita sa silangan) ay literal na nakita si Absalom na hinalay ang mga babae ng kanyang ama:

"Kaya't nilatagan nila ng tolda si Absalom sa ibabaw ng bahay; at si Absalom ay hinalay ang mga babae ng kaniyang ama sa paningin ng buong Israel." - 2 Sam.16:22

Narito ang dalawang halimbawa ng paggamit ng "**ayin**" para sa "**mga mata**" at "**paningin**" sa Biblia:

"Sapagka't nalalaman ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon, ang inyong mga mata ay mabubuksan, at kayo'y magiging gaya ng mga dios, na nakakakilala ng mabuti at masama." - Gen.3:5

"At sinabi, Panginoon ko, kung ngayon ay nakasumpong ako ng biyaya sa iyong paningin, huwag kang lumagpas, ipinamamanhik ko, sa iyong lingkod:" - Gen. 18:3

Sa katulad na paraan, maaari kong ibigay ang pahayag na ito: "**Ang presensya ng Shekinang Apoy ng Diyos ay palaging nasa gitna at sa paningin ng mga taong banal ng Diyos simula noong nagsimula ang Simbahan sa Araw ng Pentecostes. Ang Haligi ng Apoy ay hindi kailanman umalis sa Iglesya.**"

Ang salitang Hebreo na nagpapahiwatig ng aktwal na nakikita sa mga mata ay "**mar'eh**": isang **pagtanaw** (ang makakita); isang **anyo** (ang bagay na nakikita), kung ito'y (tunay) isang **hugis** (lalo na kung gwapo, kaakit-akit madalas na maramihan ang hitsura). Ito ay isinalin bilang "**paningin**", "**tingnan**", "**makita**", at iba pa. Narito ang tatlong halimbawa mula sa Kasulatan:

"At pinalago ng Panginoong Dios sa lupa ang bawa't punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mainam na pagkain; ang puno ng buhay ay nasa gitna rin ng halaman, at ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama." - Gen. 2:9

"At sinabi ni Moises, Ako'y liliko ngayon, at titingnan ang dakilang tanawin na ito, kung bakit hindi nasusunog ang palumpong." - Exod. 3:3

"At nangyari sa pagtaas ng tubig sa gabi, na si David ay bumangon mula sa kaniyang higaan, at lumakad sa bubungan ng bahay ng hari: at mula sa bubungan ay nakakita siya ng isang babae na hinuhugasan ang kanyang sarili; at ang babae ay napakagandang tingnan" - 2 Sam. 11:2

Mga minamahal, nais kong makita ninyo ang Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng espirituwal na mga mata at hindi sa mga naural na mata, sapagkat ang mga bagay patungkol sa Diyos ay espirituwal na nababatid.

Tagainterpreta ng Salita ng Diyos

Ano ang isang propeta? Karaniwang sinasabi na ang isang propeta ay tagainterpreta ng Banal na Salita ng Diyos. Totoo ba ito? Tignan nang mabuti:

Si Moises ba ay isang propeta? Oo, siya nga.

Anong Kasulatan ang kanyang ininterpreta? Oops ... wala.

Kaya ang kahulugan ay hindi totoo. Kung Bibliya ang pagbabatayan, ang isang propeta ay hindi isang taga-unawa ng Banal na Salita ng Diyos. Ang kahulugan ay isang simpleng pahayag tungkol sa kung ano ang ginagawa ng isang propeta ngunit hindi lubosang totoo tungkol sa kung sino ang isang propeta. Marami ang babanggitin ang Amos 3:7, *"Tunay na ang Panginoong DIYOS ay walang gagawin, kundi ibubunyag ang kanyang lihim sa kanyang mga tagapaglingkod na mga propeta"* at ang maraming mga talata na nagsasaad na *"ang Salita ng Panginoon ay dumating sa 'propetang' ito at ito"* para ipabatid na ang propeta ng Diyos ang siyang ipinadala upang unawain ang Salita. Mas angkop pang sabihin na ang isang propeta ay ipinadala upang ihayag ang mga misteryo (o mga lihim) ng Diyos sa Kanyang itinakdang panahon. Ang isang propeta ay isang mensahero ng Diyos, siya ay nagsasalita para sa Diyos. Siya rin ay taga-unawa ng mga panaginip at pangitain. Ang mga misteryo ng Diyos ay ipinahayag sa kanya.

Dahil ang kautusan ay tinupad ng Anak ng Diyos at ang kapanganakan ng Iglesia ay naging posible sa pamamagitan ng Ebanghelyo ng Grasya sa Krus ni Kristo, ang lumang kautusan ay nakasalansan na at isang bagong kaayusan ay dumating. Ang Apostolikong ministeryo ay

ipinakilala upang manguna sa ministeryo sa Iglesia. Si Kristo Hesus ay hindi ang Propeta sa Iglesia, hindi katulad nang Siya ay propeta sa Israel. Siya ay **"Apostol at Mataas na Saserdote ng ating propesyon"** (Heb.3:1). Ang mga apostol ang itinalaga ni Kristo upang maipahayag ang makapropetang mga salita na may kakayahang tamang maihati-hati ang Salita ng Katotohanan (2Tim. 2:15).

Propetikong Kapahayagan - Apostolikong Katotohanan

Hindi maipagkakailang ang mga tradisyonal na pang-unawa ng mga simbahan ay malayo sa tamang paghati-hati sa Salita ng Katotohanan. Walang alinlangang may ilang mga dakilang lalaki ng Diyos sa mga nakaraang henerasyon na hinanap ang pag-iisip ng Diyos para sa Kanyang paghahayag ng Salita at sila'y nagantimpalaan. Ngunit itong huling kalahating siglo ay naiiba pagkatapos ng pagbuhos ng Espiritu noong mga 1900s. Nakikita natin ang espiritu ng Karismatiko na humahawa sa iba't ibang denominasyon, na nagdadala hindi lamang ng kaguluhan, kundi pati na rin ng mga kakaibang doktrina. Sa mga Karismatikong pagpupulong nakikita natin ang maraming nakakatuwa ngunit halos walang tunay na mga turo ng Salita. Ang katuwaan at mga elemento ng pag-udyok ay ang mga pangunahin bilang panghila.

Totoo talaga na ang **mga taong sariling tinalaga ay nangangaral ng mga opinyon; Ang mga kalalakihang itinalaga ng mga kalalakihan (sa pamamagitan ng mga tradisyunal na mga simbahan) ay nangangaral din ng mga tradisyonal na doktrina ng simbahan;** at **ang mga taong itinalaga ng Diyos ay nangangaral ng Katotohanan ng Diyos.** Ang mga unang Apostol ni Kristo ay mga karaniwang tao at ang kanilang linya ng mga gawain ay simple at tiyak na hindi sila nakapag-aral sa isang Teyolohikong Seminaryo.

Ang Katotohanan ng Diyos ay nakikita bilang isang buo at hindi lamang isang bahagi. Ang kapahayagan ng mga makapropetang salita na nakita ni Apostol Pablo at kanyang ipinaliwanag, kahit pa sa kanyang mga sulat, ay naging sanhi na ang karamihan sa kanyang panahon pinilit, binaluktot at winaksi nila ang apostolikong katotohanan tulad ng ginawa nila sa ibang mga Kasulatan. Tiyak na marami ang nakikipagbuno sa kanya nang harapan sa kanyang mga kapahayagan (cf. 2 Pet. 3:16). Si Pablo ay hindi isang sariling-itinalagang mangangaral o isang itinalaga ng iglesia. Siya ay tinawag at itinalaga ni Yahweh para sa ministeryo. Hindi siya tinuruan ng mga tao. Ang kanyang mga doktrina ay dumating sa kanya sa pamamagitan ng kapahayagan ni Hesu-Kristo (Gal. 1:11-12; 1 Cor. 11:23).

Isaalang-alang ang Hebreo 11:8-10 para sa isang halimbawa:

"Sa pananampalataya ni Abraham, nang tawagin siya upang pumunta sa isang lugar na dapat niyang matanggap bilang isang mana, siya ay sumunod; at pumunta siya, na hindi alam kung saan

siya paroroon. Sa pananampalataya siya ay naninirahan sa lupang pangako, tulad ng sa di kilalang bansa, na nanahanan sa mga tabernakulo kasama si Isaac at Jacob, ang mga tagapagmana na kasama niya ng parehong pangako: Sapagkat hinahanap niya ang isang lungsod na may mga pundasyon, na ang tagabuo at tagagawa ay ang Diyos."

Iyan ay isang kapahayagan. Hindi maikakaila na marami ang nagtanong kay Pablo tungkol sa kanyang kapahayagan, kung saan niya nakuha ang Kasulatan upang ipakita na si Abraham ay naghahanap ng lungsod ng Diyos, maging espirituwal man o literal. Maraming mga Kristiyano ngayon na tatanungin din si Pablo, kung sila ay nabuhay sa kanyang panahon. At ang ilan bilang mga makasalanan, ay makikipag-away sa kanyang mga aral na magdadala ng kanilang sariling pagkawasak. "*Datapuwa't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya: ni maunawaan niya ang mga ito, sapagka't ang mga ito'y espirituwal na nauunawan*" (1 Cor. 2:14). Dahil dito ay nagturo si Hesus sa mga talinghaga: "*Kaya't sinasabi ko sa kanila sa pamamagitan ng mga talinghaga: sapagka't sila'y nakakakita ngunit hindi nakakakita; at nakikinig ngunit hindi nakakarinig, ni nakakaintindi man*"(Matt. 13:13).

Konklusyon

Tunay na ang propetikong paghahayag ng mga nakatagong lihim ng Diyos ay hindi dumadating sa pamamagitan ng lamang ng tao kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. **Mula sa mga Propetikong Salita ay lumabas ang mga Apostolikong Katuruan, mga Katotohanan na ipinahayag sa pamamagitan ng mga Apostol.**

"Ang mga lihim na bagay ay nauukol sa PANGINOON na ating Diyos: datapuwa't ang mga bagay na nahayag ay para sa atin at sa ating mga anak magpakailan man, upang ating magawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito." - Deut. 29:29

Amen.

